

ANG PANAHOON NG PAGLALAKIP AT TANDA



Magandang gabi. Isang pribilehiyo ang makapunta rito sa gabing ito, at makatayo sa dakong ito.

² Ako, nitong umaga, nung nasa biyahe ako papunta rito. . . Ako'y nananalangin, naghihintay sa Panginoon. At nung nasa biyahe po ako, binuksan ko 'yung—'yung radyo sa isang pagministeryo, ni Kapatid na Smith, isang itim na kapatid, (lahat ba'y napakinggan siya nitong umaga? Mayroon po ba?) doon sa, sa palagay ko sa Ohio. May nagbanggit sa akin tungkol dun sa pangangaral niya, at sabi, "Dapat mapakinggan mo siya, tulad nun."

³ Buti na lang napakinggan ko siya, nitong umaga. At tunay ngang sinasabi niya dun 'yung kung papaanong ang kasalanan ay talagang lagapan na nang husto sa mundong ito ngayon, at kanya ring. . . At pagkatapos pinihit ko nang kaunti, sa ibang istasyon, at tumutok muna roon at nakinig naman ng iba pa. Kaya nung pagdating ko rito, parang inaasahan ko nang baka mahuli ako nang dating dito sa simbahan, nitong umaga nung pagdating ko. Kaya, isang malaking pribilehiyo talaga ito para sa atin na makaparito tayo sa gabing ito, at makapaglingkod sa paglilingkod sa Panginoon.

⁴ At ikinukuwento po namin si Kapatid na Neville, at 'yung mensahe nung isang araw, dito sa isang munting ginang, na isa nating kapatid na nauna na sa atin. Haya't, lahat tayo'y kilala natin kung sino siya, si Kapatid na babaing Weaver po. At habang iniisip ko 'yung isang lalaki rito, na nabautismuhan sa gabing ito; si kapatid na babae po. . . Ako ang nagbautismo sa kanya rito sa bautismuhan nung ako'y. . . siya nga'y dinala nila rito sakay sa isang silyang de gulong. Halos mamatay na siya noon, dahil sa kanser, at hanggang sa gabing lang daw 'yun siya mabubuhay; wala nang magawang remedyo sa kanya ang mga doktor, mamamatay na raw talaga siya sa kinaumagahan. At sumadya ako sa bahay niya at sinikap kong maipangusap sa kanya ang tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, at paulit-ulit siya, "Di ako karapat-dapat na patuluyin man lang kayo sa ilalim ng bubungan ko." Sabi niya, "Di ako—di ako karapat-dapat na mabisita man lang ng ministro sa tahanan ko." Sabi niya, "Isa akong makasalanan." Pero ang sabi rin niya, "Ginoo, ayaw ko pong mamatay na lang nang ganito." At kaya si Grace Weber, dito, sinamahan niya ako roon. Kararating ko lang noon, pagod na pagod ako galing sa mga pagtitipon; at nung nandun na

ako't nananalangin na para sa kanya, at binasa ko roon sa kanya ang Kasulatan, at naligtas siya. Tapos, di niya halos maitaas ang kamay niya, pero gustong-gusto sana niyang makipagkamay sa lahat ng naroon. Tapos nun. . . bigla na lang may nangyari sa kanya.

⁵ At habang nagkakamay sila roon, nakakita ako ng isang pangitain patungkol sa kanya't nakakapaglakad na raw siya't papunta raw siya sa kulungan ng mga manok, nanumbalik na siya. Sabi ko, "Hayan na nga, magiging maayos na ang lahat ngayon"; at labing-walong taon na ang nakakaraan n'yan. At naungusan nga niya ang kanser na 'yun, mula noon. Namatay man siya, . . . Hindi siya namatay dahil sa kanser, inatake siya sa puso at 'yun ang ikinamatay niya. Kinabitan nila siya ng oxygen; namatay siya dahil sa atake sa puso.

⁶ At binubulay ko nga, nung matapos na't nagsisilabasan na 'yung mga tao, at nagsisiawitan ng, *Then Jesus Came*. Ganun na ganun kasi ang nangyari, dumating Siya't kinaawaan siya na mabuhay pa sa labing-walong taon na 'yun. At naisip ko, "Saktong-sakto talaga." Yung babaing 'yun dun mukhang di niya batid ang ginagawa niya. Pero, haya't, marahil batid niya. Pero saktong-sakto talaga 'yung pagkakabanggit nun doon sa, *Then Jesus Came*.

⁷ Ngayon kani-kanina po, ako'y—ako'y umaasa, na magiging matagumpay nawa ang paghahanda ko sa mga pagtitipon dito. Ninenerbiyos po kasi ako. Nitong umaga, para bang tulirong-tuliro talaga ako, dumulog ako ng—ng panalangin. At ako'y—ako'y kauwi ko lang, pabalik dito. Ang pamilya ko, dinala ko sila sa Arizona, at ako naman. . . para makapasok sa eskuwela ang mga bata. At bumalik naman ako rito para—para makapag pahinga ako kahit paano, makapangaso kasama si Kapatid na Wood at iba pang mga kapatiran sa dako rito; luluwas kami't mangangaso, sa susunod na linggo. Dadayo kami ng Kentucky. At ako nga'y. . . narito na noon. . . dumating ako nung araw na—na namatay si Gng. Weaver, at tamang-tama naman na narito ako para makatulong kay Kapatid na Neville sa libing.

⁸ At sinisikap ko ngang di na. . . sinisikap ko ngang di na—di na banggitin pa ito masyado, alam n'yo, sa paligid ng mga tao na puro daing na lang. Kasi, iniisip ko, isa sa pinaka teriblang bagay talaga'y makita ang isang—isang lalaki o isang babae na walang patid sa kadadaing. Laging nasa isip ko, "Diyos, Iyo pong ilayo ako sa ganun." Kita n'yo, pahihinain lang kasi ng—ng kakaganun ang pananampalataya sa lahat ng pagkakataon, alam n'yo. Ikaw nga'y—ikaw nga'y. . . kung ikaw nga'y—kung ikaw nga'y. . . haya't alam ko na sa pagtanda nila, bawat isa sa atin, mayroong mangyayari't mangyayari sa atin. At alam ko na 'yung mga maliliit na bagay na 'yun ay sadyang maiipon nang maiipon, na sa pagtanda mo, darating ka sa ganun. Pero iniisip ko ngang isa sa pinaka teriblang bagay talaga, ay kapag

puputungan ni Satanas ang buhay ng isang tao: sumpunging matandang lalaki o sumpunging matandang babae, kita n'yo. Ako—ako nga'y umaasa na nawa'y di ako humantong sa ganun. Umaasa akong makakayanan ko ito, itong mga pasanin ko, at—at sa isang dako namang ito ako hahantong. . . Ninanais kong ang buhay ko'y maputungan ng Kaluwalhatian ng Diyos: ng Kanyang pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kapayapaan, kaamuan, at sadyang mapuno ng Espiritu Santo.

⁹ At ako. . . isa sa pinaka matinding bagay na lagi ko na lang pinagdudusahan sa buhay ko, ay itong pagiging nerbiyoso ko. Na kapag hapong-hapo talaga ako, ako'y napanghihinaan nang husto. Para bang. . . 'yung pakiramdam na walang may gusto sa iyo, alam n'yo, at—at lahat na lang sa iyo. . . Mayroon din kayo nito, siyanga. At mangyari lang na nasobrahan ako nito, alam n'yo, at minsan dumarating sa punto na malala na talaga, at parang di na ako halos. . . Gawa kasi ito ng tensyon, at 'yun nga ang dahilan. At dumarating ako sa punto madalas, lalo na't napakarami nung mga pangitain, kita n'yo, na ako'y nadadaig nun. Titingnan ko riyang ang isang tao, iisipin ko, "Isa itong pangitain. Hindi, hindi, hindi, hindi pala. Oo! Hindi nga ba?" Kita n'yo? At di n'yo lang siguro mapagtatanto ang bigat nung mayroon kang ganon. Kaya naman—kaya naman ikaw—ikaw mapapaisip ka. Tapos biglang maiisip mo, "Buweno, ika'y. . ." Tapos magpupunta ka sa may sulok at sasabihin mo, "Buweno, ngayon, ano—ano na bang mga nagawa ko? Heto ako, ako'y—ako'y singkuwenta anyos na't wala pa pala akong nagagawa para sa Panginoon; at ako'y—ako'y patanda na nang patanda. At anong. . .? Oh, grabe." Tapos bigla ka na lang ano. . . 'yung tinatawag natin noon na "namamanglaw." Ilan sa inyo rito na mga kapatirang kasing-edad ko ang nakakaalala na ang tawag nung mga tao dun noong araw ay "namamanglaw." Lagi 'yang nababanggit sa akin ng tatay 'yang tungkol dun at lagi akong nagtataka kung ano bang ibig niyang sabihin dun, at ngayon ko lang napag-uunawaan ang ibig niyang sabihin. Kaya nga, napupunta ka sa ganung pakiramdam, na hindi naman totoong ganun; alam mo 'yun, alam mo naman 'yun. Kita n'yo, alam mo, pero nakakaramdam ka lang talaga ng ganun.

¹⁰ Kaya heto't sinisikap kong pakalmahin ang sarili ko nang paunti-unti sa mga oras na ito, at pinaghahandaan ko ang—ang malaking pagtulak na inaasahan kong parating. At mangyaring sa. . . luluwas ako ngayon-ngayon din papuntang New York, at ako'y. . . sa isang pagtitipon dun, isang malakihang gawain. At tapos tutulak naman ako papuntang Shreveport, tapos balik sa Phoenix. At pagkatapos dadayo naman ako sa kanluran. . . sa katimugang hangganan ng Estados Unidos. At pagkatapos may hinahanda na silang pupuntahan ko sa ibayong-dagat ngayon, na agad-agad ito basta't maluwa na kami pagkatapos lang ng simula ng taon, siguro Marso, Abril, parang ganun; sisimulan

'yun sa Stockholm o Oslo, at palibot na ng buong mundo, kung maluwag na kami para sa susunod na paglilibot na ito.

¹¹ At ngayong kararating ko lang dito sa atin, magpapahinga lang ako nang kaunti, para makapanumbalik ako sa sarili ko at makabawi. At kung loobin ng Panginoon, ako'y magbabalik sa susunod na Linggo, pagkagaling ko ng Kentucky. At—at kung mainam nga't, kalugud-lugod sa Panginoon, at ayos lang din naman kay Kapatid na Neville; buweno, ako ang magdaraos ng gawain na 'yun para sa susunod na Linggo, kung—kung loobin ng Panginoon. At kung Kanyang kaluguran gaya ni Kapatid na Neville, ako'y—ako'y paririto. Siyanga po, kung Kanyang. . . kung Kanya talagang kaluguran ito gaya ni Kapatid na Neville. Umaasa akong kaluluguran nga Niya. Ngayon, kita n'yo, haya't ipaaalam ito sa akin, kung loobin ng Panginoon, sa ngayon ako muna'y mawawala rito sa inyo nang kaunting panahon.

¹² At ako nga'y. . . may kaunting mga mensahe lang dito, may mumunti akong bagay rito sa puso ko, at parang gusto ko—ko—ko po itong ilahad sa inyo, kita n'yo, at maaari tayong makapag sama-sama sa palibot nito. Ngayon, may mangilan-ngilan ako rito, lima o anim na dumating sa akin mga ilang araw na ang nakararaan. At ako'y lumabas nga, mga dalawang araw na ang nakararaan dito, nangaso ako ng squirrel. At nung nandun po ako sa kakahuyan, at ako nga'y may dalang lapis at papel. Kita n'yo? Ngayon nung umaliwalas at lumiwanag 'yung araw, ako nga'y sumandal sa isang puno sa isang dako roon. Sa tuwing di po ako natutulog, ako'y nananalangin, at pagkatapos ako, may bagay na ibibigay sa akin ang Panginoon, magsusulat-sulat ako ng ilang kaunting bagay tungkol dun, kita n'yo. Nauunawaan n'yo naman ang ibig kong sabihin siguro; 'yung bang nandun ka lang sa isang dako mag-isa ka lang, at pagkatapos nun may ano sa 'yo. . . Kaya ngayon nung pumasok na ako rito, may mga naisulat na ako sa pad ng papel na 'yun. At nung tawagin na ako, pinuntahan ko lang at kinuha 'yung pad ng papel na 'yun at inisa-isa kong maigi 'yung mga nakasulat dun at tiningnan ko kung ano kayang puwede ko roong masimulan, kita n'yo. Ganun nga ang nangyari ngayon-ngayon lang.

¹³ Kaya naman ngayon, nais kong, kung loobin ng Panginoon, mangusap lang. . . Sisikapin kong gawing. . . maikli lang itong bultuhang, mahahabang mensahe, kita n'yo; na aabutin ka rito ng ilang oras bago kadalasang matapos. At tinulungan nga ako ng Panginoon na gawing maiksi lang 'yung pinangaral ko roon sa Chicago, nung isang gabing naroon ako, nasa trenta minutos lang ang inabot. At may lumapit nga sa akin, ang sabi, “Di ko akalain na kaya mo pala, pero nagawa mo!” Hayan nga't trenta minutos lang, mula sa dapat nasa dalawa't kalahating oras, o baka nga tatlo pa, alam n'yo. Kaya marahil magagawa kong bilisan din ito ngayong gabi at masanay na ganito, na di kayo pinapanatili riyang nang matagal.

¹⁴ Pagpalain kayo ng Diyos. Kahit saang lugar ako magpunta, wala talagang lugar na tutulad dito sa tabernakulo rito. Dito'y uwiang, masarap uwian. At ako po'y nakikiramay sa pamilya Weaver. At dito sa pinaka mamahal nating kapatid na lalaking itim na namatay, nakasama ko siya sa pananalangin noon di pa katagalan bago siya tuluyang yumao, at talagang napakabait niyang tao. At siya'y nasa Tahanan na po kasama ng Diyos ngayon, at tapos na ang lahat-lahat. At kayo'y yayao rin balang araw, at alam naman nating lahat 'yan. Kaya tayo'y . . . nawa'y ang mga kaluluwa nila'y pagpahingahing payapa ng Diyos, at balang araw ay umaasa tayong makakasama rin natin sila sa Lupaing 'yun sa kabilang ibayo, na wala na dung karamdaman, kalungkutan, o kamatayan. Hangga't narito pa, atin lang gawin ang lahat ng makakaya nating gawin para sa Ebanghelyo.

¹⁵ Nababanggit na rin natin ang tensyon, nananalangin ako tungkol dun kaninang umaga. Ano kayang pamamaraan mo ng paggawa ng mga bagay-bagay kung wala kang tensyon? Isipin n'yo nga 'yan. Bahagi ng pamumuhay ang tensyon. Nabuhayan ako ng loob nung maisip ko 'yan. Kung wala ka kasing tensyon, parang manika ka lang n'yan, wala kang pakiramdam. Wala ka man lang puwedeng paghugutan na dun ka magsisimula. Gaya ng isang asawang lalaki at asawang babae, ipagpahalimbawa na lang natin na may gusto kunwaring gawin 'yung babae, at silang dalawa nga'y sinisikap nilang magkaagapay sila palagi (lalo na sa mga Cristiano), at 'yung isa sa kanila'y gusto 'yung ganito . . . At tapos nung gawin na nila nang sabay . . . nalaman mo na ganito pala 'yung ginawa niya; nalaman niya naman . . . Nakita n'yo po, talagang pinaglalapit lang kayo sa isa't isa ng tensyon. At may magsasabi sa iyo "Buweno," sasabihin, "isipin mo 'yung munting asawang babaing 'yun na dumaan talaga sa matinding tensyon sa panahong di ka pa noon maayos, o 'yung asawang lalaki na dumaan sa matinding tensyon sa panahong di ka pa noon maayos. Kaya naman nung magkapatawaran na ang lahat, tingnan n'yo ang pakiramdam n'yo sa kanya. Grabe, talagang . . ." Nakita n'yo po, kailangan n'yo talaga ng tensyon. Ganoon lang talaga.

¹⁶ At isipin n'yo nga, 'yang pakiramdam na 'yan, ano kayang mangyayari kung wala ka man lang pakiramdam, walang kirot o anupaman? Ano nga kaya kung walang kirot? Wala ka ngang mararamdaman. Kita n'yo? At kung wala kang maramdaman, ibig sabihin isa sa mga pandama mo'y naglaho na. Kita n'yo? Kaya, kita n'yo, tama lang na nasa kani-kanilang posisyon ang mga bagay-bagay. Kaya, "Diyos, Iyo pong bigyan lamang kami ng biyaya upang matayuan namin ito," hayan nga. Kung kami nga'y makatatayo lamang sa biyaya na 'yun, at tatayo dun at sasabihing, "Batid naming kapag natapos na ang buhay rito, may dakilang dako roon sa kabilang ibayo na inaasam naming mapuntahan." At ngayon, ating-ating alalahanin lang na ang mga bagay na ito, tensyon lang ito.

¹⁷ Haya't, may mga taong ang pakilala nila sa Cristianismo, ay "malaya ka na sa pag-aalala. Ika'y. . ." Hindi, hindi ganun. "Malaya ka na sa tensyon." Oh, di ganun! Nadadagdagan ka pa nga ng tensyon nung maging Cristiano ka, dahil dati'y sige-sige ka lang, walang-iniintindi-sa-buhay, bahala na kung ano na, di mo alintana ang mga nagagawa mo.

¹⁸ Pero nung naging tunay na Cristiano ka na, bawat sandali binubulay mo, "Ako ba'y nakalulugod sa Panginoon? Kung naririnig ko lang sana kung anong palagay Niya!" Nilalagay ka nun sa tensyon, nilalagay ka nun na magbantay lagi. Yun 'yung dahilan at naging ganyan ka. Kaya kung tutuusin, pagpapala pa nga 'yang tensyon. Nasa pagtingin mo lang kasi 'yun. Kita n'yo? Kung makakatingin lang kayo sa kabilang bahagi, may-may. . . Kahit pa nga napakanipis ng paghiwa mo sa anumang bagay, mayroon at mayroong dalawang bahagi kayo lagi, kita n'yo. Kaya't dalawang bahagi 'yang gusto n'yong makita riyen.

¹⁹ Kaya naman ang tensyon. . . Isipin ko, "Oh grabe, ito'y. . . Ano ba talaga itong tensyon? Sana ipinanganak na lang ako na walang tensyon." Buweno, kung di naman ako nagkaroon ng tensyon na ito, di ako magiging ganito kung ano ako ngayon. Di ako siguro naging Cristiano, marahil. Itong tensyon na ito ang nagdala sa akin patungo kay Jesus Cristo. Kita n'yo? Kaya, isa itong mapagpalang bagay sa akin.

²⁰ Kaya naman noon nung sabihin ni Pablo, nung panahon na may tensyon siya noon o parang ganun o anumang, sinangguni niya ang Panginoon para—para alisin sana 'yun sa kanya nang tatlong beses. At ang sabi ng Panginoon, "Saulo, ang Aking. . . Pablo, ang Aking biyaya ay sapat."

²¹ Sabi niya, "Kaya kung magkagayon, ako'y magmamapuri sa aking kahinaan. Sapagkat pagka ako'y mahina, ako nga'y malakas." Kita n'yo? Basta't nananatili sa kalooban ng Diyos, maayos ang lahat.

²² Ngayon, sumangguni ako sa Kanya nung isang beses nung talagang nililigalig ako nun nang husto, pinangangambahan ko talaga 'yun. At sinabi Niya sa akin, mga walo o sampung taon na rin ang nakararaan, sabi Niya, "Hindi ka na nito kailanman pangangambahin pa." At hindi na nga. Hindi, na nga; hindi—hindi na ako nag-aalala pa. Ganoon na ang pakiramdam ko, pero alam kong nandun 'yun; pero patuloy lang ako dahil di na nito ako pinangangamba pa, pinasasalamat na ko nga 'yan.

Ngayon, maaari namang ang sinabi Niya sana, "Maglalaho na 'yan," gaya nang pagsabi ng, "Hindi ka na mangangamba kahit kailan."

²³ Kaya ang kalooban nga Niya ang naganap, kaya akin nga itong yayakapin at sasabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon, sa ganito ako lalakad."

²⁴ Ngayon, iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali para—para manalangin. Mayroon po ba ritong may espesyal na hiling na ipapanalangin? (May nakikita ako ritong mga panyo na nakalatag dito.) Itaas n'yo po ang inyong kamay. Panginoon, Iyo pong pagpalain ang bawat anak Mo.

²⁵ Aming Makalangit na Ama, kami'y dumudulog po ngayon sa Iyong dakila't, marangal na Luklukan ng biyaya, dahil kami po'y inanyayahang lumapit. Lumalapit kami dahil sa pagtawag ni Jesus Cristo. At kami nga'y lumalapit dala-dala ang lahat naming kabalisahan, at aming inilalagak ang mga ito sa Kanya dahil kami'y pinagmamalasalakan Niya. Grabeng kaaliwan ang dulot nito sa amin, ang malaman na pinagmamalasalakan Niya kami. Ang dakilang Diyos ng Langit, ang Manlilikha; kami'y pinagmamalasalakan, na Kanyang sangnilikha. Kami'y galak na galak dahil dito, Panginoon. Grabeng kaaliwan ito lalo na sa panahong ito na kinabubuhayan namin, sa panahong para bang wala na talaga kaming maaari na—na paghugutan pa ng kaaliwan kundi sa Iyong Salita lamang. Ito nga po ang aming kaaliwan, ang Iyo pong Pangako. At sa Iyong Pangako, sinabi Mo roong ipaalang lang namin ang aming hinihiling, at “Kung kayo'y magsihingi ng anuman sa Pangalan Ko, ay yaon ang Aking gagawin.” At ang lahat ng mga dakilang Pangakong ito: “Magsihingi kayo at kayo'y bibigyan. Sabihin mo sa bundok na ito, ‘Maalis ka,’ at hindi mag-alinlangan, ay maaalis nga ito.” Narito po ang lahat ng mga Pangakong ito, at kami'y maaaring humugot mula Rito para sa aming mga bagay na hinihiling.

²⁶ Nakataas po ang mga kamay, sila'y may pangangailangan, Panginoon. Iyong natatalos ang kanilang pangangailangan; Iyo pong punan ito, Ama. Aking inilalagak ang aking panalangin kasama ng panalangin nila sa Iyong harapan, ang aking kamay ay nakataas din kasama nung sa kanila. Naritong nakalatag sa mesang ito, ang mga panyong nakalapag dito. Oh, grabe po ang pananampalataya ng mga taong narito, pananampalataya pong buo ang loob, Panginoon, . . . Mangyari pong Iyong pinagpala ako na gawin ang bagay na ito, na ipanalangin ang mga taong may sakit. Saanman, saang dako, saanman ako magtungo, may kung anong bagay sa pananalangin sa maysakit. Diyos, Ika'y tumulong po ngayon. Idinadalangin ko nang may katapatan na Iyong ipagkaloob ang mga hiling na ito sa mga panyong ito na inilatag dito, sa mga tao na humiling. Nawa'y ang Iyong awa ay mapasa kanila.

²⁷ Panginoon, napag-uunawa po namin na may dinala rito si Kapatid na babaing Hicks na isang babae, na lumipad pa nang kay layo-layo mula sa isang dako upang maipanalangin, may kanser; at may pagnanais na malaman kung posibleng madala siya rito ng kapatid na babae para makapunta rito. Dalangin ko, Diyos, na Iyo pong pahabain pa ang buhay ng taong ito; Iyo nawang ipagkaloob ito. Ang maliit ko pong pamangkin, na si

Mikie, nakaratay sa isang dako na may sakit at nagsusuka, may mataas na lagnat; kalalabas lang niya ng pintuan. Panginoon, ako'y—ako'y sumasampalatayang taglay namin ang panalangin ng pananampalataya para rito na Iyong isasawata ito, at ako—ako—ako'y lubos na nagpapasalamat sa Iyo, dahil dama kong ang lagnat na 'yun ay lilisan na sa batang lalaking 'yun bago pa ako umalis ng silid na ito.

²⁸ Ngayon, Panginoon, . . . at amin ngang pinasasalamatan Ka sa lahat ng mga bagay na ito. Ngayon naiatang sa akin bilang responsibilidad ang mangusap patungkol sa Iyong Salita. Iyong ipagkaloob po sa amin ang Salita Mo, Panginoon. “Ang Salita Mo’y Katotohanan.” Iyong pagpalain ang aming mga kaluluwa at pagkalooban kami nitong—nitong biyayang siyang kailangan namin, upang makahugot kami mula sa mga Pangako ng Diyos sa gabing ito, sa Salita, bagay na magpapatuluy-tuloy sa amin sa buong sanlinggong itong natitira; maipagkaloob nawa. Iyong pagpalain ang aming pastor, ang masigasig na kaluluwang ito, ang kanyang asawa, kanyang mga anak, ang mga diyakono, mga tagapangasiwa, at bawat isa na pumapasok at lumalabas ng gusaling ito; Iyong ipagkaloob ito, Ama. Sa Pangalan ni Jesus Cristo aming hinihiling ang mga pagpapalain ito. Amen.

²⁹ Ngayon, nais kong magbasa mula sa dalawang dako sa mga kasulatan ng Panginoon. Nais kong bumasa muna rito mula sa Aklat ng Mga Awit, ika-86 na Awit. At pagkatapos nais kong bumasa rin dito mula sa San Mateo, sa ika-16 na kabanata, 1 hanggang 3. At nais kong basahin nga itong ilang bahagi rito ng Awit na ito, hindi lahat pero marahil hanggang sa ika-11 kabanata, halos kalahati nito.

³⁰ At nais kong pamagatan ito, itong magiging teksto ko rito, bago ko ito ipangaral: *Ang Panahon Ng Paglalakip At Tanda*. “Ang Tanda ng panahon ng paglalakip,” parang komplikado kung papakinggan. *Paglalakip*; (Kita n’yo?) *Panahon*; panahon ng paglalakip, narito na ito ngayon. At ang *Tanda* ng panahon ng paglalakip na ‘yan.

³¹ Dito sa—sa Awit, dalangin ni David, ika-86 na Awit.

Ikiling mo ang iyong pakinig, Oh PANGINOON, at sagutin mo ako; sapagka’t ako’y dukha at mapagkailangan.

Ingatan mo ang aking kaluluwa; sapagka’t ako’y banal: Oh ikaw na Dios ko, iligtas mo ang iyong lingkod na tumitiwala sa iyo.

Maawa ka sa akin, Oh Panginoon; sapagka’t sa iyo’y dumadaing ako buong araw.

Bigyan mong galak ang kaluluwa ng iyong lingkod; sapagka’t sa iyo, Oh Panginoon, itinataas ko ang aking kaluluwa.

Sapagka't ikaw, Panginoon, ay mabuti, at mapagpatawad; at sagana sa kagandahang-loob sa lahat na tumatawag sa iyo.

Dinggin mo, Oh PANGINOON, ang aking dalangin; . . . pakinggan mo ang tinig ng aking mga pananaing.

Sa kaarawan ng aking kabagabagan ay tatawag ako sa iyo; sapagka't iyong sasagutin ako.

Oh, hindi ba't napaka ganda nito? "Iyong sasagutin ako."

Walang gaya mo sa gitna ng mga dios, Oh Panginoon; wala mang mga gawang gaya ng iyong gawa.

Lahat ng mga bansa na iyo ngang nilalang ay magsisiparito at magsisisamba sa harap mo, Oh Panginoon; iyong luluwalhatiin ang iyong pangalan.

Sapagka't ikaw ay dakila, at gumagawa ng kagilagilalas na mga bagay: ikaw na magisa ang Dios.

Heto na pakinggan n'yo.

Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh PANGINOON; lalakad ako—ako sa iyong katotohanan: ilakip mo ang aking puso sa pagkatakot sa iyong pangalan. (Paglalakip! Kita nyo?) . . . ilakip mo ang aking puso sa pagkatakot sa iyong pangalan.

³² Sinasaysay ko rito ngayon ang tungkol sa *paglalakip*; at *panahong tanda*. Ngayon, dito naman sa ika-16 na kabanata ng San Mateo.

At nagsilapit ang mga Fariseo at mga Saduceo, . . . tinutukso siya, na nagsisihiling sa kanya na sila'y pagpakitaan ng isang tanda mula sa langit.

Datapuwa't Siya'y sumagot at sa kanila'y sinabi, Sa kinahapunan, ay sinasabi ninyo, aking . . . Bubuti ang panahon: sapagka't ang langit ay mapula.

At sa umaga, Ngayo'y makulimlim . . . uunos ngayon: sapagka't mapula at makulimlim ang langit. Oh kayong mga mapagpaimbabaw, kayo'y marurunong magsikilala ng anyo ng langit; datapuwa't hindi ninyo mangakilala ang mga tanda ng panahon?

Ang Diyos ang magdagdag ng kanyang mabiyayang mga pagpapala sa pagbasa ng Salitang ito.

³³ Ngayon, pinag-uusapan natin dito ang isang *paglalakip*, *panahon ng paglalakip*; ang tanda ng panahon ng *paglalakip*. Makikita n'yo, heto si Jesus, sa huling binasa nating Kasulatan, Kanyang pinagsasalitaan ang mga ministro nung panahon na 'yun dahil sa hindi nila napagkikilala ang panahon o yaong tanda ng panahon. Ngayon, isa ngang napakalaking bagay ito para sa mga tao, kita n'yo, ang mapagkilala nila *ang tanda ng*

panahon na inyong kinabubuhayan; dahil isinulat naman na ito ng Diyos nang napakalinaw para wala ni isang makaiwas dito.

³⁴ Ngayon, kadalasan, binabalikan ko't inihalimbawa ko ang ibang mga ministro, ibang lingkod ng Diyos sa panahon ng Biblia (gaya nung tanda nung panahon ni Noe, 'yung tanda sa panahon ni Daniel at—at iba pa, iba't ibang tanda), pero gusto kong laktawan muna ang mga 'yan ngayong gabi para—para makatipid sa oras, para. . . Pero haya't 'yan nga sa tuwina ang pamamaraan dito ng Diyos, ang bigyan sila ng—ng natural na tanda ng panahon na 'yun, upang ang lahat ay makaalam kung ano na nga bang panahon na ba—ba 'yun. At ang mga Fariseo nga roon dapat sana'y nalalaman nila ang panahon nila. Dapat nga sana'y alam na alam nila kung anong panahon na ba 'yun. Sinabi nga Niya sa isang dako, “Kung Ako'y nangakilala sana ninyo, ay mangakikilala ninyo ang araw Ko.” Kita n'yo? Isa—isa ngang napaka—napaka laking bagay na tayo'y makaunawa. Kita n'yo, “Kung walang pagkaunawa!”

³⁵ Kaya naman ang turing sa mga propeta sa tuwina, sabi sa kanila, “At siya ay may pagkaunawa, sa lahat na pangitain na galing sa Panginoon. At ang Salita ng Panginoon ay dumating sa—sa mga propeta nang unang panahon.” Kita n'yo, sila'y may pagkaunawa sa Salita ng Panginoon, sa pamamagitan ng mga propeta. At pagkatapos, magbibigay na 'yung mga propeta ng tanda. Gaya na lang nung, may isa humiga siya nang patagilid sa isang gilid niya nang mahabang panahon, tapos lumipat at 'yung kabilang gilid naman ang inihiga. May isa rin na hinapak niya ang kanyang damit. At oh, napakaraming bagay silang ginawa para maipakita yaong tanda ng panahon na kanilang kinabubuhayan. At ngayon nalaman natin na ang Diyos na 'yun na lumikha ng kalangitan at lupa, at—at talagang inilatag ang Kanyang gawa upang mailarawan Niya ang panahon Niya sa pamamagitan ng tanda, ang siya ring Diyos na 'yan ay narito ngayong nabubuhay. Kaya marahil tayo, may kung ano. . . Sa pagtingin-tingin natin sa—sa panahong kinabubuhayan natin, may kung anong bagay na napapalampas ng tao, sa kung saan. Kita n'yo? Dahil hindi naman hahayaan na lang ng Diyos na maganap na lang ang isang bagay nang di nagbibigay ng isang tiyak na tanda, kung saan, atin—at inang mapag-uunawa.

³⁶ Ngayon heto nga ang problema sa panahon ngayon, na ang mga ministro, di nila ito nababasa nang tama. Gaya na lang ito nung panahon noon, di nila iniisip na 'yun na 'yung panahong dumating. Kanilang—kanilang iniisip kasi na mapayapa naman silang namumuhay noon, at kaya di tuloy sila naghahanap ng Mesiyas. At sinabi nga ni Jesus na ang Kanyang Pagdating ay “gaya ng magnanakaw sa gabi,” na ang—na ang mga tao'y walang kamalay-malay sa Kanyang Pagdating. Gayunpaman may mangilan-ngilang dalaga dun na nagpunta't sumalubong sa Kanya, kalahati sa kanila, may langis sa kanilang ilawan at may

kahandaan; binabantayan nila ang tanda. At sa kanila ko nga ipinangungusap ang mga bagay na ito ngayong gabi, kita n'yo, sa kanila na naghahanap ng tanda ngayon, ang tanda ng Kanyang Pagdating.

³⁷ Ang mga tandang ito na ibinigay, ng Panginoon, ibinigay lamang sa mga mananampalataya. Di ito nakita ng mga hindi nananampalataya. Lampas-lampasan lang ito sa ibabaw nila, at hindi nila ito makita-kita. At ngayon, kung gaanong katiyak na may Anghel dito ang Diyos na nakatayo rito sa entablado ngayong gabi, kung gaanong katotoo naman na—na nakikita ko kayo, at marahil nakikita ko 'yun; o marahil nakikita n'yo ito at ako'y di ko naman ito makita, o ako ang nakakakita at kayo naman ang hindi ito nakikita. Ngayon, alam n'yo ngang nasa Kasulatan 'yan; 'yan nga ang Katotohanan. Tumanaw sila . . . Alam n'yo nga 'yan nung nasubasob si Pablo, pero di nila . . . wala ni isa man sa kanila ang nakakita dun sa Liwanag.

³⁸ Yaong Liwanag na 'yun ay nandun nung nakatayo si Juan sa harap ng napakaraming tao, at nasa libo-libong nakatayo sa may pampang, na mga ministro at—at matatalino't, dakilang mga tao. At si Juan, mismo, pinatotohanan niya na kitang-kita niya ang Espiritu ng Diyos na bumababa tulad sa isang kalapati at lumapag sa Kanya, at isang Tinig ang nagsabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong lubos na kinalulugdang panahanan.” At wala nang ibang nakakita Roon kundi si Juan lamang. Kita n'yo? Para lang talaga sa kanya 'yun.

³⁹ Napansin n'yo ba kung gaanong napaka liwanag nga, nung tanda para sa mga lalaking pantas? Tumingin sila, may . . . Sila nga'y mga Hebreo. Hindi naman talaga sila mga astronomong taga-India, mga Hebreo sila; haya't nagpunta lang sila sa bansa na 'yun para mag-aral ng astronomiya, tapusin 'yung kanilang edukasyon. At nung sila'y . . . tumanaw na noon sa direksyon ng Jerusalem, haya't alam nga nilang kapag natanaw na nila dun 'yung tatlong bituwin na 'yun na mula sa tig-isa nilang—nilang tarundon-ng-kapanganakan, ni Cham, Sem, at Japhet, na mga lahing pinanggalingan nila, tig-isa, at makita nga nila ang mga bituwin na 'yun na nakapuwesto na dun sa kanilang tarundon-ng-kapanganakan. Yun ang tanda sa kanila, na kapag luminya na ang mga bituwin na 'yun, ang Mesiyas ay nasa lupa na.

⁴⁰ Oh, ang ganda! Walang duda't sumadya talaga sila, “Saan Siya naroon? Saan Siya naroon ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? Aming nakita ang Kanyang Bituwin sa Silanganan, at naparito kami upang Siya'y sambahin. Saan Siya naroon?” Alam nga nila na ang sanggol na Mesiyas ay nakahiga sa kung saan, dahil binigyan sila ng Diyos ng isang tanda ng panahon, na ang Diyos at ang tao'y naglalakip na magkasama. Grabeng paglalakip 'yun, noong ang Diyos ay lumakip sa Sarili Niya sa isang katawang-tao! Ang pinaka panuntunan, pinaka dakila sa lahat ng paglalakip na pinangyari kahit kailan, ay noong

ang Diyos ay lumakip sa tao; at iwan yaong Kanyang—Kanyang katangian ng pagiging Diyos at iladlad ang Kanyang tolda at kunin ang pagiging tao, at maging isa sa kanila, upang tubusin sila. Paglalakip. Na ano? Na nagdala ng kapayapaan sa pagitan ng Diyos at tao magpakailanman. Lubos ang ating pasasalamat dahil diyan.

⁴¹ At ang mga tanda’y hindi pinadadala . . . Ngayon isipin n’yo nga ito, bawat tao dun, at lahat nung mga astronomo; mga tao dun nung panahon na ’yun, ang pinaka orasan nila noo’y yaong mga bituwin. May tagabantay sila na naroon sa itaas ng—ng tore, at umaakyat nga siya roon at nagbantay. At makikita nga niya roon ang ganito kunwaring mga bituwin sa ganitong konstelasyon, at nagsisidaan ang mga ’yun, alam nga niya kung anong panahon na. Naaalala n’yo ba dun sa Kasulatan, “Anong oras na, tagabantay?” At ’yung bantay na ’yun ay babaling at sasabihin dun sa nagtanong kung anong oras na nga ba. Kita n’yo, binabantayan nila ang oras sa pamamagitan nung mga bituwin.

⁴² Ngayon, hindi ba’t nakapagtataka naman ’yun na naroon ang mga bituwin na ’yun na ganap na nakalinya’t kitang-kita nung tatlong lalaki at tapos walang ibang nakakita dun? Kita n’yo? Ganap ngang nakalinya. Ngayon, maaari ka ngang lubos na luminya sa Kasulatan. Kita n’yo? Noong sandaling ang mga bituwin na ’yun ay magkalakip, magkalakip na magkakasama sa konstelasyon na ’yun, tatlong lalaki rin ang naglakip-lakip na magkakasama nung sandali ring ’yun nang sabay. At maaari ngang lubos kang nakalakip sa Diyos, sa Kanyang Salita, na ang mangyayari’y ang mga bagay na ito’y magiging realidad, at makikita mo talaga ito at malalaman na totoong-totoo talaga. Kita n’yo? Ang tanda ng panahon! Maaari ring mapalampas mo ito sa ibabaw mo, sasabihin mo, “Ah, walang kuwenta!”

⁴³ Subalit sa *iyo* hindi ito walang kuwenta. Para sa iyo, ika’y nakalakip na sa Salita, at heto na nga Ito. At ganap na ganap na Liwanag ito, Kapatid na Pat, kapag—kapag—kapag—kapag nakita mo na ’yung tanda na lumakip na sa mananampalataya. At sa kanila ko ipinangungusap ito, sa mga mananampalataya, dahil di naman ito makikita ng mga di nananampalataya kahit kailan. At grabeng saway talaga ang mangyayari nito kung narito Siya sa lupa ngayon; para sa mga ministro ng panahong ito ngayon, na di mabasa-basa yaong tanda; itong mga tanda na ating binabasa-basa araw-araw sa tabernakulo sa dako rito, at nakikita ang mga bagay na ’yan. At ang iba nama’y binabasa rin nila at nakikita pa nga yaong sulat-kamay sa dingding, at kahit na ganun ay di pa rin nila nakikilala, at di nila makita-kita talaga. Wala lang talaga sa kanila ito; di nila ito pansin.

⁴⁴ Ngayon pansinin n’yo, na sa ganito, ay Kanyang—Kanyang tinukoy ang mga tanda sa bansa. Ngayon, noong tanungin nga nila Siya patungkol dito, naghahangad sila ng mga tanda; at

binigyan Niya sila ng mga tanda na naganap. At hinahangad nga nilang malaman kung kailan ba ang katapusan ng mundo, kung ano bang tanda dun sa katapusan. At sa maraming dako sa Kasulatan Kanyang tinukoy sa kanila itong mga tandang ito sa bansa, itong mga makalangit na tanda dun sa kalangitan, at tanda sa lupa; Kanyang binigyan sila ng mga tanda, tanda, mga tanda, talagang puro tanda nang walang patid. At nung Kanya ngang banggitin sa kanila sa isang dako ang tungkol sa isang tanda sa bansa, sabi Niya dun, “Kapag inyong makita na ang mga bansa,” kita n’yo, “na nagsisimula nang magpisan-pisan sa palibot ng Jerusalem,” kita n’yo, kung gayon bago nalalaman na natin na ang panahon ng kanilang kapighatian ay paparating na, “kapag inyong makita na ang Jerusalem na pinalilibutan ng hukbo.”

⁴⁵ Ngayon, bago nila ito maisakatuparan, ang Diyos. . . Ang mundo nga’y kailangang maglakip-lakip munang nagkakaisa. Si Tito, isang dakilang Romanong heneral kanya ngang pinisan muna ang kanyang mga hukbo na magkaisa at magsama-sama, matapos na tanggihan nung mga Judio ang tanda ng panahon na para sa kanila na Diyos mismo ang nagbigay. Yun din ang panahon na pinisan ni Tito ang mga hukbo niya na magkaisa, at humayo’t kubkubin ang siyudad. Unang-una kinakailangan na magkaroon ng paglalakip-lakip ng mga tao ng Diyos (kuno) laban sa Salita ng Diyos, bago ang bansang ’yan ay magpisan-pisan na nagkakaisa laban sa mga talagang tao ng Diyos. Kita n’yo, ang—ang—ang paglalakip-lakip, yaong pagpipisan-pisan; naglalakip-lakip na nagkakaisa.

⁴⁶ Ako nga’y naniniwala na nabubuhay na tayo sa isang dakilang panahon ng paglalakip-lakip. Binibigyang-pansin ko rito ang pulang mga ilaw, at mga kumikislap na babala at lahat na (tungkol sa mga kababaihan, sa mga ikinikilos nila; at mga kalalakihan, sa mga ikinikilos nila; at maging kaiglesyahan, sa mga ikinikilos nila), na ipinapakita sa munting grupo rito, na ito’y mula talaga sa puso ko, na naniniwala akong lumilinya na tayo sa pagkakalinya sa Salita ng Diyos sa dakila’t nauukol sa propesiyang kapanahunang ito, bago lamang ang pagparito ng Panginoong Jesus; naglalakip na magkakasama’t naghahanda na.

⁴⁷ Ngayon, tingnan n’yo, bago pisanin ni Tito ang mga bansa ng. . . mga hukbo niya na magsama-sama, pinisan nga ng Israel ang mga sari-sarili nila’t nagkaisa sila, na di maniwala na si Jesus ang Mesiyas. Tinanggihan nila Siya, at sinuplong Siya, at ipinako Siya sa krus. At pagkatapos, nung tanggihan nila ang pagliligtas na isinugo sa kanila, nagkaisa nga sila na gawin ang bagay na ’yun. Ngayon, ilagak n’yo nga ’yan sa inyong isip: pumisan nga silang nagkakaisa, para tanggihan ang Mensahe ng kapanahunan! Kinailangan nga nilang gawin ’yun. At nung

magawa na nila, saka naman pumasok na ang tanda na 'yun patungkol sa mga bansa.

⁴⁸ Nagsimulang magpisan-pisan ang mga bansa't nagkaisa, at dinala roon ni Tito ang kanyang napakalaking hukbo ng mga Romano't mga Griyego at pinalibutan nila ang mga pader ng Jerusalem, kinulong ang mga taong nandun sa loob, at ginutom sila roon hanggang sa mamatay. Yung mga tao roo'y kinain nila tuloy maging mga balat ng punongkahoy. Si Josephus, na isang tanyag na mananaysay ng kasaysayan, ikinuwento niya 'yun. At sila nga roo'y kinain na nila pati 'yung mga damo sa lupa. Pati mga sari-sarili nilang anak ay pinakuluan nila't kinain na rin; kita n'yo, para sila roong mga taong wala sa matinong pag-iisip. At pagkatapos nung pangyayaring 'yun, heto na, si Tito, nakaupo siya roon sa abot-tanaw na mga burol, sa paligid ng Jerusalem, at—at ang mga taong nakulong kanilang iniisip na ginagawa nila ang kalooban ng Diyos, nung makita na nilang paparating na ang mga hukbo't nagmamartsa papalapit. Sila nga'y nagsipagtanggi noon na tumalima sa sinabi ng Dakilang Panginoon, ang Panginoong Jesus, sa mga isinaysay sa kanila.

⁴⁹ Wala ngang kahit isang Cristiano ang nasukol sa dakong 'yun, dahil nakita nila ang tanda at umalis na dun. Kita n'yo? Sabi nila, “Ang mga nasa bubungan ay huwag bumaba, o ang nasa bukid ay huwag nang bumalik, upang kunin ang kanyang balabal; datapuwat magsitakas sa Judea, at magsipanalangin na huwag mangyari ang pagtakas sa panahon ng tag-ginaw o sa Sabbath man.” Dahil, kapag panahon ng tag-ginaw, ang mga—ang mga burol ay mapupuno ng niyebe; at sa araw naman ng Sabbath, ang pintuan—mga pintuan ay nakasara nun, yaong pintuang-bayan, at sila'y masusukol sa ganung kalagayan. Kita n'yo? Dadako nga tayo sa bagay na 'yan maya-maya...kung papaano ginawa ng Diyos ang mga bagay na 'yan, kung loobin ng Panginoon.

⁵⁰ Pansinin ngayon, Siya...Sila'y nanalangin na nawa'y...di ganun ang maging kalagayan, sinabi nga sa kanila ni Jesus na ipanalangin 'yun, at kaya walang kahit isa sa kanila ang naipit sa dakong 'yun. Sila nga'y wala na roon dahil tiningnan nila yaong tanda, at sila'y wala na dun; ganun nga ang nangyari.

⁵¹ Oh, kailangang-kailangan na nga talagang makita ng mga iglesya ngayon ang tanda ng panahong kinabubuhayan natin! Magsitakas kayo sa abot ng mainam n'yong makakaya patungo sa Kalbaryo, para sa Buhay; hindi sa kung saang iglesya, kundi kay Jesus Cristo. Ilakip n'yo ang inyong mga sarili sa Kanya, at hindi sa kung anong organisasyon o kung anong pansimbahang kredo. Lumakip kayo kay Cristo, at tiyakin n'yong sa Kanya talaga kayo lumalakip. Hindi puwedeng bahala na't heto na lang, dapat ay siguradong-sigurado kayo na sa Kanya talaga. Napakainam na panahon ito ng pakikipaglakip!

52 Ngayon, nakita natin dito na tinanggihan nila ang Mesiyas at nagpisan-pisan silang nagkakaisa at bumuo pa ng kapisanan nila, at nagdeklara ng—ng. . . isang panukala sa sari-sarili nila na ang sinumang tao na tumanggap kay Jesus bilang Propeta, kanilang ititiwalag sa simbahan. Naaalala n'yo pa ba 'yung bulag na binata na mula simula'y bulag na ang mga mata niya? At ang sabi pa nung mga alagad, "Sino ang nagkasala? Siya, o ang kanyang ama, kanyang ina?"

53 At ang sabi ni Jesus, "Sa pagkakataong ito, wala; kundi upang ang mga gawa ng Diyos ay mapangyari, mahayag."

54 At naaalala n'yo ba, sabi nila dun ay 'yung ama't ina'y di puwedeng magsabi ng kahit ano. Ang sabi nila, "Nalalaman nilang ito'y aming anak, datapuwat di namin nalalaman kung paanong siya'y pinagaling." Dahil sinabi ng mga Judio na ang sinumang magsasabi na Siya'y Propeta, sila nga'y ititiwalag.

55 Subalit, kita n'yo, ang mga gawa nga ng Panginoon ay ang binata ngang ito'y di mapabilang sa grupong 'yun. At sinabi nga nung binata, "Ngayon, nagtataka lang ako't hindi ninyo nalalaman kung saan nanggaling ang Lalaking ito, gayong sa kabila nun binigyan Niya ako ng paningin." Kita n'yo? Ngayon, nagawa nga nung binatang sabihin 'yun. Kita n'yo, mga gawa kasi 'yun ng Diyos. Siya nga'y pinagaling, at mainam na ang kalagayan, at magagawa—magagawa nga niyang sabihin ang bagay na 'yun dahil hindi naman siya tali sa kung saan. Siya 'yung natatangi dun na pinagpangyarihan nung mga gawa, at may katiyakang nakita talaga niya itong kanyang. . . sa pinaka unang pagkakataon sa buhay niya.

56 Ngayon, ang mga Judio'y naglakip-lakip silang nagkakaisa laban kay Jesus at—at laban sa Kanyang Pagka-Mesiyas, at sa Kanyang Mensahe Bilang Mesiyas. Nakikita natin ang siya ring bagay na 'yan na nangyayari ngayon, ganoon na ganoon. Ang Komunismo ay nagpipisan-pisan para wasakin ang iglesya, at nangyayari lang naman 'yan. . . pagkatapos na ang iglesya ay magpipisan-pisan din sa sarili nito, sa Konseho ng mga Iglesya, sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya, upang tanggihan at sirain ang Mensahe, ang Salita! Inayawan nila ang Salita, ginawa nga 'yan ng mga iglesya! Hindi nga nila Ito matanggap dahil taliwas Ito sa maka-denominasyon nilang kredito; kahit na ilan pang mga Haliging Apoy ang pumaibabaw sa atin. . . sa gitna ng mga tao, o kahit ilang tao pa ang. . . ilang mga bagay pa ang nasabi na muna bago tuluyang nangyari, at ang lahat ng mga dakilang tanda na ito na ipinangako Niya para sa huling kapanahunan; di pa rin nila kayang tanggapin.

57 Samakatwid, nagkakaroon na talaga sila ng pagpipisan-pisan sa kani-kanilang sarili ngayon, at ang pastor n'yo rito at ang marami pa rito'y makapagsasabi sa inyo, na nagsisibasa, sasabihin nilang sila. . . may ekumenikal na silang pagkilos ng—

ng—ng mundo. At may... may Lutheran pa ngang ministrong nangunguna roon. Na, kapag dumating na 'yung kapahamakan, at maganap na 'yun sa pamayanan sa dako rito; kung di tayo nakikiisa sa ekumenikal na pagkilos na 'yan, ang simbahan nga nati'y hindi na ituturing pang simbahan, at gagawin na lang nilang silid tambakan. O kung mayroon sa atin dito na kapatid na lalaki na may makikita siyang tao na naghihingalo na o may iniindang sakit, at susubukan ng kapatid na paglilingkuran ang taong 'yun ng Espirituwal na pagpapala, tayo nga'y maaaring barilin na lang dahil sa pagtupad ng katulad nun; ganoon nga. Marahil sentensyahan pa tayo ng sampung taon sa pambansang bilangguan dahil sa paglilingkod ng mga katulad nun, dahil sa hindi tayo nakikibahagi sa ekumenikal na pagkilos na 'yun. Hindi n'yo pa ba nakikita ang tanda ng hayop diyan? Kita n'yo? Kita n'yo?

⁵⁸ Ngayon, nakikita na natin itong panahon ng paglalakip na paparating na. Kita n'yo? Ngayon, masdan! At ang nangyayari nga'y ang iglesya'y pinaglalakip-lakip nito ang kanyang sarili laban sa Mensahe; at pagkatapos niyang gawin 'yun, ang mga bansa nama'y maglalakip-lakip na nagkakaisa sa Komunismo para wasakin ang iglesya uli; katulad na katulad nung ginawa nito nung una. Kita n'yo? Nauulit lang nang nauulit gaya nung simula.

⁵⁹ Mangyari ngang tinanggihan muna ng Israel ang Mensahe una sa lahat. At nung ayawan na nila ang Mensahe, saka pa lang ang militar, ang pamumuhay sa bansa'y maglalakip-lakip sa sarili nito (kasama ng ibang bansa), at papasok sila't sisirain ang iglesya. At ngayon, kanilang inayawan nga ang Mensahe ng Panginoong Jesus, at inayawan talaga nila Ito. At kaya naman ngayon, paparating na ang panahon kung kailan ang Komunismo'y maglalakip-lakip na ring nagkakaisa sa mundo laban sa iglesya. Kita n'yo, mangyari ngang ganoon talaga. Ngayon, napakahirap sabihin ito.

⁶⁰ Napakahirap ding sampalatayanan ito ng mga Judio noon, ang sabi nila, "Ngayon halikayo, mga kapatid, nakikita nga nating ang ating—ang ating Diyos ay kasama natin, at kaya ang ating—ating dapat gawin ay magpunta tayo dun sa templo. At ngayon tayo'y mananalangin, at ibigay natin kay santo padreng *Ganito-at-ganoon* at kay santo padreng *Ganito-at-ganoon* ang pangunguna sa pananalangin. Isara n'yo na ang pinaka pinto!" At si Tito nga'y mariing nagkampo sa labas, mariing nagkampo sa palibot sa loob ng halos isang taon din o higit pa. Kita n'yo, mahigpit na nagbantay dun, at ginutom sila nang husto. Wala ni isa sa kanila ang makalabas ng siyudad; at nangamatay sila, nangagutom. At nung pasukin na niya sila roon at pabagsakin ang mga pader, dumanak ang dugo't umagos na parang mga ilog ang lugar na 'yun nung kanyang pagpapapatayin ang lahat ng mga nasa loob nun.

⁶¹ Ngayon, inihula na ito ng Anghel ng Panginoon, doon noon sa Lumang Tipan, at isinaysay na mismo sa kanila kung anong magaganap. At sila dun na mga ministro na mga pinuno roon ng relihiyon, na dapat sana'y nakasalig dun at sinasabihan ang mga tao tungkol sa bagay na 'yun; pero ano, nung tumindig sa gitna nila si Jesus, hindi man lang nila Siya napagkilala; at ang ipapagawa pa'y 'yung-'yung para bang sa-sa paa ng kuneho, "Gawan Mo kami ng salamangka, pakitaan Mo nga kami kung-kung papaano 'yan gawin! Pakitaan mo kami ng tanda." Kita n'yo?

At ang sabi Niya, "Ako'y. . ." Haya't, napakarami na nga Niyang ginawang mga bagay, pero sa kabila nun hindi pa rin nila makita-kita ito. Kita n'yo? At nung tanggihan nila Siya bilang kanilang. . . Mensahe nung panahong 'yun, tinanggihan nila ang Mensahe para sa panahong 'yun.

⁶² Nabigo silang makita ang tanda ng panahong 'yun. At ang tanda pa nga ng-ng propesiya sa Biblia'y ginanap sa mismong harap nila, tapos ang sabi pa rin nila, "Magsipasok nga tayo!" Mga banal na tao po ang mga ito. Mga banal na tao po ito na di ka basta-basta makapagtuturo ng kapintasan sa buhay nila. Di kasi sila puwedeng *ganoon*, at tapos—at tapos maging isa—isa—isa silang saserdote. Ang isang saserdote'y maaaring patawan kasi ng kamatayan, maaari siyang batuhin hanggang mamatay kahit sa isang napakaliit na bagay lang. Kaya ang tao na ito'y malinis, banal ang kanyang pamumuhay. Di siya basta-basta gagawa ng kung ano, dahil maaari siyang batuhin sa kaunting bagay lang. At ngayon sila nga'y mga dakilang tao, at banal na mga kalalakihan sa mata ng mga tao, ngunit sa kabila nun sila pa ri'y pumasok at nagsabi, "Ngayon, tayo nga'y. . . Nasa panig natin ang Diyos, ang Diyos na kasa-kasama na natin sa lahat ng panahon. Papasok tayo sa banal Niyang templo." Banal na templo nga naman 'yun ng Diyos! Pero, kita n'yo, Siya nga'y inayawan nila sa Kanya mismong banal na templo. Kita n'yo? "Sige't papasok tayo sa bahay ng Panginoon. Ngayon kayong lahat na mga Hebreo alam n'yong tayo yaong lahing hinirang, tayo nga, na narito. At ang Diyos ay ang Diyos natin; Diyos ni Abraham, ni Isaac, at ni Jacob. Siya'y kasama natin. Palalayain Niya tayo mula sa mga di-tuling Filisteo na nariyan sa labas (hayan nga sila), mga Romano't mga Griyego. Palalayain Niya tayo riyan. Pumasok na tayo sa bahay ng Panginoon!"

⁶³ Napakaganda sa pakinig; pero ano 'yung nagawa nilang 'yun? Ang Nagtayo ng bahay na 'yun ay naparoon dun noon, sa anyo ng isang mababang-uri na karpinterong taga-Galilea, at kanilang inayawan nga Siya; gayong pinagtibay ng Diyos na Siya ang Mensahero ng panahong 'yun, at ang Sanga. At kanila pa ring inayawan Ito. Kaya ang lahat ng pananalangin, lahat ng pagiging sinsero, lahat ng hain nilang inihandog ay naging walang kabuluhan sa Diyos. Sila rin ang may kagagawan nun!

At tapos itinulot ng Diyos na ang napakalaking hukbo roon ay magpisan-pisang nagkakaisa upang wasakin 'yun.

⁶⁴ At nakikita na natin 'yan ngayon, ang mga kaiglesyahan sa mga denominasyon at ang iba pa, inaayawan nila ang Salita ng Diyos. Ayaw nilang sinasabi n'yo sa kanila ang mga bagay na ito, at kahit pa nga ang siyensiya na mismo ang nagpatunay sa pamamagitan ng litrato at lahat na, at kahit na ganun ay ayaw pa rin nilang magkaroon ng anumang kaugnayan Dito. Kaya namumuo tuloy ang komunismo para sirain nga ito, katulad na katulad ng ginawa noon ni Tito, at ang Biblia na mismo ang nagsaysay na kanilang gagawin ito. Di mapasubalian!

⁶⁵ Ngayon, nakikita n'yo na ba kung saan tayo nabubuhay? Sa panahon nga ng paglalakip. Kapag nakikita na natin ang mga bagay na ito na nagkakalakip na, oh; anupa't, nabibigo tayong makita ang mga bagay na ito? Maaari naman nating—maaari nating tingnan ito rito sa Kasulatan at tingnan kung saan Niya ito ipinangako, kung anong Kanyang gagawin; nakikita na nga natin itong nagkakatotoo na. Nakikita na natin ang mga bansa na nagkakalakip-lakip na. Nakikita na natin ang mga ismo na nagkakalakip-lakip na. Nakikita na natin ang mga iglesya na nagkakalakip-lakip na. Panahon na nga ng paglalakip-lakip. Oras na ng paglalakip-lakip. Ito ang espiritu ng kapanahunan, "Kailangan tayong maglakip-lakip." Lahat ng puwede mong banggitin ay talagang nag-oorganisa na; kahit ang gobyerno'y di man ito matanggap.

⁶⁶ Alam n'yo, bilang mamamayan. . . hindi ko maatim bilang mamamayan, bilang mamamayan ng Estados Unidos, kahit ako—ako. . . ako pa'y bigyan n'yo man ng tseke sa halagang limang dolyar aba'y hindi nga ako mangangahas na ilagda ko dun ang pangalan ko. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi ko 'yun maaatim. Kita n'yo, panahon na talaga ng paglalakip-lakip. Ang lahat ng mga bagay ay talagang napupunta na sa kung anong paglalakip, at ang paglalakip na 'yun ang mismong bagay na magdadala ng tanda ng hayop. Kita n'yo? Panahon na talaga ng paglalakip, at papunta na talaga dun. Makikita n'yo ito sa inyong mga mata mismo, kung titingnan n'yo lang talaga. Panahon na talaga ng paglalakip, kung saan ang lahat ng bagay ay nagkakalakip-lakip na.

⁶⁷ Ang Judio—mga Judio noo'y naglakip sila laban kay Jesus, bilang kanilang—bilang kanilang Mesiyas. Kaya naman, nakita natin kung anong nangyari. Nakikita na rin natin ang gayong bagay ngayon, naglalakip-lakip na ang komunismo para sirain ang iglesya, pagkatapos na magpisan-pisan ang iglesya sa loob ng Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya at pilit sinisira ang Mensahe, ang Salita ng Diyos. Sinusubukan nga nilang iwaksi Ito. Ang bagay lang para magawa nila 'yun ay bumuo sa sari-sarili nila ng isang konseho, dahil watak-watak nga sila; may maliit na grupo rito, may Methodist, at Baptist, at Lutheran, at

Presbyterian, church of Christ, at kung anu-ano pang kagaya. Di nga nila magagawa 'yun, paano'y 'yung isang *ito* laban sa isang *ito*, 'yung isang *ito* laban naman sa isang *ito*, iba-iba ang kani-kanilang turo't aral gaya ng pagkakaiba ng silanganan sa kanluran. Kita n'yo, hindi nga nila magagawa 'yun. Pero kung magagawa nga nilang magkaisa, sa ilalim ng isang malaking pamunuan, magagawa na nila. Nagawa nga nila.

⁶⁸ Yan ang dahilan kung paanong nagkakaisa talaga ang mga Katoliko, ang Romano Katoliko, dahil sila'y may pagpipisan, sila'y. . . halos Romano Katoliko nga ang lahat sa kanila; 'yung Griyego at ibang Katoliko sila'y—sila'y iba rin doon sa Romano Katoliko. Ngayon sila'y magkapisan na, at 'yan ang dahilan kung bakit nakakatayo silang magkakasama. Kahit ano kasing mangyari, ang papa ang ulo ng lahat. Kita n'yo? At kahit ano pa 'yang sabihin ng iba rian, “Siya ang di nagkakamali; siya'y—siya'y—siya'y kahalili raw ng Diyos, ganun nga; siya'y sunod na mataas pagkatapos ng Diyos; may kapamahalaan daw siya sa impyerno, Langit, at purgatoryo.” Kita n'yo? Kaya naman wala kang puwedeng iangal sa bagay na *'yan*; anuman kasing sabihin niya, 'yun ang dapat na masunod.

⁶⁹ Ngayon, ang mga Protestante nga'y gumagawa rin sa sari-sarili nila ng ulong gaya nun, katulad nun. At hindi ba't sinabi ng Biblia na may larawan nga ng hayop? Ano ba ang larawan? Isa 'yung bagay na kagaya, ginawang katulad. Hayan nga, ang siya ring bagay na 'yun. Ano 'yun? Sa pagpipisan-pisan nilang nagkakaisa, haya't 'yan kasi ang espiritu ng kapanahunan, ang *paglalakip-lakip*.

⁷⁰ Naglalakip-lakip nang nagkakaisa ngayon, sinusubukan na sirain ang Mensahe. Paano nila Ito sisirain? Paano mo masisira ang Salita ng Diyos? Ang gagawin nga nila'y aalisan nila Ito ng bisa, mawawalan ng bisa, sa pamamagitan ng tradisyon gaya ng ginawa nila nung unang-una, at pinagiging walang bisa ang Salita ng Diyos. Kita n'yo, sasabihin nila, “Oh, sadyang. . . Sa totoo lang, ano talaga, . . .” Nakikita n'yo ba itong ginagawa ng isang babae rito na di naniniwala sa Diyos. . . kanya ngang. . . nakalimutan ko lang 'yung pangalan niya; kung mabanggit ko lang sana 'yung pangalan niya. Si. . . Marami akong naiisip na katulad nun.

⁷¹ Pero naisip ko rito si Binibining Nasyon nung isang araw; sa isip ko nga'y sana marami pa tayong katulad niya na kayang manindigan. Siya nga'y nagpupunta dun sa mga bahay-inuman at pinagbababasag 'yung mga wiski dun, pinagtatapon 'yung mga karatula dun at lahat na gaya nun. Bakit di kaya kayang manindigan ng ilang mga kababaihan ngayon at gumawa sana ng tulad nun, at lumabas dun at pagpupunitin ang mga hubad na litrato ng mga kababaihan ng kanyang lahi, at mga bagay na gaya nun? Para, wala na sila nun.

⁷² Ngayon, pero 'yung isang babae rito, isang di naniniwala sa Diyos, sabi niya na—na “ang Biblia’y labag sa konstitusyong, na basahin sa mga pampublikong eskuwelahan,” at kung anu-ano pang bagay gaya nun.

⁷³ Ngayon maging 'yung mga tao, mapapansin n'yo nga ito uli, pinagpipilitan nilang sabihin ngayon, at mga natatanyag pang mga tagapag-aral ang mga ito ng Kasulatan, ang sabi nila “marami sa mga inihulang propesiya sa Biblia ay ganap na mali, at di naman talaga nagkatotoo.” At narinig n'yo na ang tungkol dito at nabasa na. At pinagpipilitan nilang sabihin ang maraming bagay; kita n'yo, pilit nilang sinisira ang bisa ng Salita. Kung magagawa nga nilang sirain at palitan Iyon ng kredo o kung anong bagay na sa mga tao, na sa mga mata nila'y mas mainam kaysa roon sa Salita, ay kanila ngang sisirain Iyon sa pamamagitan nitong kanilang—nitong kanilang tradisyong. At sa ganyang paraan nga nila sinusubukang sirain ang Salita ng Diyos, gamit ang maka-denominasyong pamumulitika.

⁷⁴ Ngayon, bawat iglesya'y may sari-sarili sila roong pulitika. May sarili ang church of Christ, may sarili rin ang iglesyang Cristiano, at ang Baptist, at Methodist, at Presbyterian; may kanya-kanya silang iba't ibang pulitika. Ngayon, isinasantabi na nila 'yun dahil sila'y hiwa-hiwalay nga. Kita n'yo, di kasi nila magagawa 'yun kung ganun pa rin sila tulad sa dati, pero ngayon magagawa na nga nila. Kita n'yo, ito na talaga ang panahon ng paglalakip, at ngayon ginagawan nila ng remedyo na magsama-sama at pagpisan-pisanin 'yun at tinitingnan nila kung anong kalalabasan nun. Grabe, parang naghurno ka ng isang buong tinapay gamit ang karne ng kabayo, at basura na nanggaling sa basurahan, at kung anu-ano pa roong puwede mong pagsama-samahin dun; at sige isahog lang nang isahog dun, at itsahan pa ng bulok na mga patatas at mga bagay-bagay pa't paghalu-haluin, at tingnan kung anong kalalabasan nun. Sigurado akong di ako makikibahagi sa ganun. Hindi, po! Ganun nga ang ginagawa nila. Kita n'yo, nagpapasok sila ng mga taong ang paniniwala'y si Jesus ay kathang-isip lang daw, iglesya na ang paniniwala'y si Jesus ay kathang-isip lang daw; tapos may iba pa roon, 'yung iba'y ang paniniwala nila Siya ay Propeta.

⁷⁵ Sasabihin nung isa, “Tapos na ang araw ng mga himala.”

⁷⁶ Sasabihin naman nung isa, “Maaaring mayroon namang ganun.”

⁷⁷ At sa kabila nun nagsasama-sama pa rin; samantalang ang sabi dun ng Biblia, “Papaanong makalalakad ang dalawa na magkasama liban na sila'y magkasundo?” Kita n'yo? Ngayon, ganun nga ang klase ng pagkakaisang taglay nila. At naglagay nga sila roon ng dakilang santo padre na mataas sa kanilang lahat, at sa ganun nagkaroon tuloy kayo ng larawan ng hayop, gaya ng mismong sinasabi ng Biblia. Ngayon may ministrong

Lutheran sila, pinaka ulo ng lahat. Buweno, kitang-kita naman nating panahon na talaga ng paglalakip. Ganun na ganun din maging ngayon dito, ang Komunismo at lahat sila'y naglalakip-lakip nang nagkakaisa; sa mundo, at kahit sa iglesya at sa iba pa, naglalakip-lakip nang magkakasama.

⁷⁸ Masdan n'yo ang kalikasan. Oh, grabe! Ang kalikasan, kung pagmamasdan n'yo lang ang kalikasan, ganun na ganun din ang ginagawa. Ang kalikasa'y kalendaryo ng Diyos ng mga tanda. Alam n'yo ba 'yun? Binanggit sa kanila dun ni Jesus na masdan ang kalikasan. Ang dagat ay magsisi-ugong, kita n'yo, at magkakaroon ng iba't ibang mga bagay, at lilindol sa iba't ibang dako, magkakampi-kampi ang mga bansa, magkakaroon ng mga tanda sa langit, mga tanda sa lupa, saan mang dako'y magkakaroon ng mga tanda ng panahong itong darating.

⁷⁹ Masdan n'yo ang kaulapan. Bago makapagdala 'yung mga kaulapan ng bagyo, alam n'yo ba kung paano 'yun nagagawa? May ilang maliliit na ulap munang magsasama-sama, magiging isang malaking ulap. Buweno, may isa roon dadalhin siya ng kaunting hangin, 'yung isa naman may kaunting hangin uling dadalhin siya dun, at dinadala sila roon para mabuo, at tapos nun bagyo na ang kasunod. Kita n'yo? Naglalakip-lakip muna sila bago sila magkaroon ng bagyo; ganun nga muna.

⁸⁰ Masdan n'yo 'yung mga pato't mga gansa na nagsasama-sama muna bago sila umalis ng bansa nila. Kita n'yo? May paglalakip-lakip nga muna sila. Makikita n'yo silang palipad-lipad sa isang tubigang ito papunta sa kabilang tubigang ito, mula sa dakong 'yun papunta sa isa namang ito, lahat sila roo'y nagsisilakip-lakip. Sila'y may paglalakip muna, naghahanda bago ang paglipad nila pataas. Kita n'yo, sadyang... ganyan talaga ang kalikasan, at Diyos ang may likha ng kalikasan, at ang kalikasan ay gumagana ayon sa plano ng Diyos. May batas, di nasusulat na batas ng Diyos, na sa Kanyang batas na 'yun ay gumagana ang kalikasan.

⁸¹ Gaya na lang nung, binabanggit ko dun sa isang gawaing paglilibing, tungkol sa *dagta* na bumababa doon sa libingan, doon sa ilalim ng ugat ng puno, maglalagi dun hanggang sa dumating ang pagkabuhay na mag-uli sa tagsibol. Ganun nga ang batas ng Diyos. Walang kahit anong katalinuhan diyan ang makapag papababa sa dagta na 'yun dun; di mo 'yun matutuyo, di mo rin 'yun mapipigang palabas. Walang ibang paraan para magawa 'yun na mas iinam sa paggawa dun ng Diyos. Taglay kasi ng Diyos ang sakdal na paggawa dun. Kaya sa tuwing babagsak ang dahon, ay Kanya ngang dadalhin ang dagta na 'yun sa ilalim ng libingan at ikukubli 'yun. Gaya ng sinabi ni Job, "Iyong ikubli nawa ako sa libingan hanggang sa ang Iyong poot ay makaraan." Kita n'yo? Bumababa nga 'yun dun dahil 'yun kasi ang batas ng kalikasan, bago magyelo. Masdan n'yo nga ang mga dahon

ngayon na unti-unti nang nalalagas. Bakit? Batas kasi 'yun ng kalikasan.

⁸² Ang mga pato nga'y nagsisilakip sila sa isa't isa, bawat isa sa kanila, at nagtitipon-tipon sila patungo sa isang lider. Yung mga patong 'yun may paraan sila kung paano 'yun malalaman, di ko alam kung paano nila 'yun nagagawa, pero alam nga nila kung 'yung isang lalaking pato'y isa ngang lider. At sa munting pato na 'yun, sila nga'y magtitipon patungo sa kanya, at tapos nun lilipad na sila pataas sa ere. At siya'y . . . di pa kailanman nakakaalis sa tubigang 'yun dun, pero siya'y magpupunta nang direktso sa Louisiana o Texas sa abot ng makakaya niya, dun sa palayan. Kita n'yo, bago sila sama-samang magsisilipad, para lisanin 'yung dakong pinagpanganakan sa kanila nung taon na 'yun, maglalakip-lakip muna sila sa isa't isa. Amen! Hayan nga't; nagtitipon-tipon sila patungo sa kanilang lider.

⁸³ Ang problema nga lang dito, sa tao, ay di niya nakikilala ang kanyang lider. Siyanga, naman. Sila'y nagsisitungo dun sa denominasyon, sila'y nagsisitungo dun sa obispo o sa tao, pero di sila makatungo-tungo sa Lider, ang Espiritu Santo sa Salita. Kita n'yo? Sasabihin nila, "Oh, buweno, nangangamba ako na baka mapadpad ako sa pagiging panatiko n'yan; nangangamba ako na baka magkamali ako ng yapak." Ohhhh, 'yan na nga ba kayo! Ano kaya kung 'yung munting pato dun magsasabi, "Di ko kasi gusto 'yung paraan niya ng pag-aayos niya ng balahibo niya. Kaya sa tingin ko di ako dapat sumunod sa kanya." Aba'y mamamatay kayo n'yan sa lamig. Maliligaw kayo dun sa ere, kung di kayo susunod dun sa—dun sa tinakdang ruta ng lipad. Haya't talagang naglalakip-lakip ito sa sarili nito, at 'yan nga ang ginagawa ng kalikasan.

⁸⁴ Ang mga gansa'y naglalakip sila sa isa't isa, sumusunod sa kanilang lider; 'yan na 'yan din ang ginagawa nila.

⁸⁵ Napapansin n'yo ba kahit mga bubuyog sa paglipad nila nang sama-sama? Naglalakip nga sila sa sari-sarili nila, bago sila lumipad nang sama-sama, nandun sila sa palibot ng reyna nila. Ganun nga. At saanman magpunta ang reyna, aba'y dun nga din sila magsisitungo. Siyanga! Ano 'yung ginagawa nilang 'yun? Naglalakip-lakip sila bago lumipad nang sama-sama. Ganun nga mismo; bawat kalikasan.

⁸⁶ Ang mga isda naglalakip-lakip din sila sa isa't isa bago dumating 'yung pagsaliwa nila dun sa agos. Dun sa karagatan, maaabutan n'yo sila dun; mga naglalakihang . . . ang tawag nga natin dun ay "mga humpy," dun sa mga salmon. Sa panahong lilitaw sila dun, bago dumating 'yung pagsaliwa, makikita n'yo sila dun na aabot sa higit-kumulang sampung libo ang bilang, dun sa dagat, manggagaling sa iba't ibang dako; sa tubig-alat, gayong mga tubig-tabang na isda talaga sila. At hayan na nga sila't susuungin na nila 'yung tubig-tabang, para simulan

ang panahon ng pagpaparami. Susuong nga sila dun pataas at magpaparami, kada apat na taon marahil, at mamamatay dun pagkatapos na pagkatapos nilang magparami. At alam nga nilang sa pagpunta nila dun ay mamamatay sila, at sa kabila nun ay di mo sila mapipigilang pumunta dun kahit anong mangyari. Lulundag-lundagan nila 'yung mga hagdan-hagdang tubigan dun at lahat na, para lang makasampa dun sa itaas, gayong nalalaman nila na papunta sila dun sa kamatayan nila. Subalit idinidikta 'yun sa kanila ng batas ng kalikasan, batid man nilang sa pagsampa nila dun at magparami sa tubigan dun, ay mamamatay sila. At tapos nun lilitaw na 'yung maliliit na mga isda, at may kung anong bagay na maglalakip-lakip sa kanila dun, at sisimulan nilang magtungo dun sa karagatan. Isa 'yung paglalakip-lakip! Yun ang batas. Di mo puwedeng saliwain ang batas ng Diyos.

⁸⁷ Ang mga bansa ay—ay nagkakawatak na, sa panahong ito ngayon na nakikita natin na—na panahon na para gawin nila ito. Patungo na tayo sa pambansang kaguluhan. Nakikita natin ang mga bansa na nagkakasira-sira na sa isa't isa. Taon-taon, nasusumpungan natin ang bansang *ito* na tila nilalamon na ng komunismo; ang bansang *ito'y* nilalamon na ng komunismo. At dito mismo sa ating sariling bansa, parang pulot-pukyutan na itong binalot ng komunismo, at sasakupin nito ang buong ito! Kita n'yo, ganoon nga ang gagawin nito, walang paraan para pigilan ito. Bakit? Siyang parehas na dahilan kung bakit hindi n'yo mapipigilan si Tito. Tinanggihan ng mga tao ang Diyos at ang Kanyang Salita. Siyanga, po, haya't 'yan nga ang gagawin nila, at nakikita na natin itong patungo na roon.

⁸⁸ Ako, kadalasan, inaabot ako ng dalawang oras; nasa trenta minutos na ako rito, ngayon. Kita n'yo? Pero para mailahad itong lahat, sinusubukan kong bilisan. Pag-aralan n'yo na lang po sa bahay pagkauwi n'yo.

⁸⁹ Pansinin po, sila'y nagkakalakip-lakip na. Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, totoo ba 'yan?" Sila'y patungo na sa Pagbabaka ng Armagedon; 'yan mismo ang gagawin nila. Kita n'yo? At sila'y nagkakalakip-lakip na ngayon para dun. Kaya naman mayroon na tayo nitong U.N. at lahat nitong mayroon tayo. Ang Kanluraning Daigdig ay naglalakip-lakip na laban sa Silanganing Daigdig, may komunismo at iba pa, lahat nga'y nagsisilakip-lakip na sa isa't isa. Maging ang kaiglesyahan ay lumalakip-lakip na sa pagkakaisa. Mukha ngang ang lahat ng bagay ay naglalakip na. Paglalakip, naglalakip-lakip sa isa't isa, nakikita na natin 'yan.

⁹⁰ Gayundin, habang ang lahat ng paglalakip-lakip ng bansa, lahat nitong mga tanda, mga tanda sa bansa, na nakikita na natin dito sa mundo, mga lindol sa iba't ibang dako, mga iba't ibang bagay na nagkakalakip-lakip na; dinadala ang mundo para magkaisa, dinadala ang mga tao na magkaisa, lahat ng

mga kaiglesyahan na magkaisa, lahat ng mga bagay na ito. At habang ang lahat ng paglalakip-lakip na ito'y nagaganap, may isa pang paglalakip-lakip ang nagaganap. Amen! Yan ang nais kong ipunto sa inyo ngayon.

⁹¹ Pinaglalakip-lakip na ng Diyos ang Kanyang Nobya. Siya'y nanggagaling pa, ng Silangan at Kanluran, at Hilaga at Timog. May panahon ng paglalakip, at nangyayari na 'yan ngayon. Sa anong kadahilanan at Siya'y naglalakip-lakip? Sa Pag-agaw. Amen! Inihahanda na Siya ng Diyos. Siyanga, paglalakip! Sa ano Siya nakikipaglakip? Sa Salita! "Sapagkat ang lahat ng langit at ng lupa ay lilipas, datapwat ang Aking Salita ay hindi lilipas." Inilalakip na ng Nobya ang Sarili Niya sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON maski ano pang sabihin ng kahit anong denominasyon o sino pa man diyan. Inilalakip na Niya ang Kanyang Sarili. Siya'y nahahanda na. Bakit? Siya kasi ang Nobya. Siyanga. At inilalakip na Niya ang Kanyang Sarili sa Kanyang Nobyo, kita n'yo, at ang Nobyo ay ang Salita. "Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin."

⁹² At ang Iglesia at ang Nobya at ang Salita ay sadyang nagiging isa na talaga, hanggang sa ang pinaka Salita Mismo ay gagawin na ang mga gawa ng Nobyo. Amen! Nakikita n'yo ba? May paglalakip! Hindi na, "Umanib kayo sa iglesia"; hindi na 'yung *ganito*, kundi magsitakas na kayo riyon at makipag-isa kay Jesus Cristo. Kita n'yo? Panahon na ng paglalakip. Ang Diyos, pinaglalakip na ang Kanyang Nobya, ipinanunumbalik na Ito; kung paano bang dapat talaga ito. Inilalakip ang mga Salita ng Kanyang Pangako.

⁹³ Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, ika-2 kabanata; ang sabi Rito, sabi sa ika-5 kabanata, "Ang mga banal na nangatatutulong sa alabok ng lupa ay mangagigising. At pagkadaka tayo ay lalakip kasama nila (ang mga nabubuhay, kasama nung mga namatay na), magkakalakip-lakip bago tayo tumungo sa itaas Doon," 'pagkat ang Nobya nga'y kumpleto sa pagtungo Niya Roon. May mga buhay, na inilalakip na nila ang kanilang sarili sa Salita, at may mga dating yumao na't ginawa na nila 'yun; at Ito'y maglalakip-lakip na sa isa't isa, magiging isang dakilang pagpipisan ang paglalakip-lakip na 'yun bago ang pagtungo sa itaas na 'yun Doon. Amen!

⁹⁴ Babangon ang Komunismo, at ang lahat ng mga iba pang bagay ay babangon talaga, at ang iglesia nga'y ilalakip nito ang sarili niya sa dako roon, habang yaong. . . at habang ang mga bansa sa dako roon ay para sa Pandaigdigang Konseho ng Mga Iglesia; samantalang ang Nobya ay inilalakip ang Sarili sa ilalim ng Salita ng Diyos. At upang magkaroon ng kaganapan 'yan, ipinadala ng Diyos yaong Makalangit na tanda at bagay-

bagay, na magpapatunay sa Iglesya, katulad ng ginawa Niya sa bansa. Amen.

⁹⁵ Ang Diyos; panahon ng paglalakip! Siyanga, po. Oh, grabe! Ngayon, tandaan n'yo ngayon, may paglalakip-lakip ng Salita (paglalakip para ipanumbalik), ibalik ang "Pananampalataya na ibinigay nang minsan at magpakailanman sa mga banal." Ipanumbalik! Na sa panahong ito lamang ito magagawa. Ang tanging panahon para magawa ito ay ang panahong ito ngayon. Hindi ito kailanman tinuligsa sa kahit saan pa; nagsilabas na sila sa maka-denominasyon na pagpapakasasa na 'yan. Haya't ngayon, hindi na ito ibinibilang pa sa maka-denominasyon na pagpapakasasa na 'yan, sapagkat panahon na ng paglalakip-lakip ng mga kalalakiha't kababaihan ng bawat lahi, bawat kulay, bawat kredo, lahat-lahat sa ilalim ni Cristo sa Bautismo ng Espiritu Santo at panunumbalik sa Salita.

⁹⁶ Panahon ng pakikipaglakip para sa Iglesya! Oh, ang ganda! Paglalakip-lakip ng bawat Salita na ikinalat sa kung saan-saang dako ng mundo ng mga organisasyong ito: buhat pa dun sa Nicaea, Roma, noong inorganisa nila 'yung pinaka unang iglesya, at di kalaunan inorganisa nila 'yung Luther, inorganisa nila 'yung Wesley, inorganisa nila 'yung lahat na ng iba pang kaiglesyahan doon. At sa ginawa nilang 'yan, nagsipanatili sila sa isang kredo, at sa panahong magpapadala na ang Diyos ng panibagong iba dun, hindi nila Iyon matanggap-tanggap. Kaya ibig sabihin, napakaimposible nun noon hanggang sa dumating 'yung panahong ito ngayon. At ipinangako nga ng Diyos, na sa huling mga araw na ito, na "ang Pananamapalataya ng mga ama ay ipanunumbalik muli sa Nobya," na ganyan nga ang mangyayari, at di ito mapangyayari sa anumang panahon liban sa panahong ito ngayon. Masdan n'yo ang kahanga-hangang tanda na 'yan mula sa Langit, na nariyan ang Haliging Apoy na nakalutang sa piling natin, at maging ang mga tanda at mga kababalaghan ng Panginoong Jesus Cristo. At habang Siya'y nangungusap nga sa atin, hindin-hindi Ito nabibigong maging eksaktong-eksakto talaga hanggang sa pinaka tuldok. Amen! Kaya naman nakikita na natin ngayon kung saan na talaga tayo nakatayo. Panahon ng paglalakip!

⁹⁷ Nakikita na natin ang mga bansa na nagsisilakip na, nakikita na natin ang mundo na nagsisilakip na, nakikita na natin ang komunismo na nagsisilakip na; at nakikita na natin ang mga kaiglesyahan na nagsisilakip na; at nakikita na rin natin ang Diyos na inilalakip Niya ang Kanyang Sarili sa Kanyang Nobya, hanggang sa Siya at ang Iglesya ay maging siya nang iisang bagay. Hallelujah! Gaya nung piramide na 'yun. Tama! Pinaglalakip-lakip nila ang kanilang sarili; nakikipaglakip ang Diyos! Bakit? Wala pang ganito, mula nung sinaunang panahon ng iglesya, na itong Haliging Apoy ay nasa gitna mismo ng mga tao. Wala pang ganito, mula pa nung sinaunang panahon

ng iglesia, wala pa silang nakikitang katulad nito na nakikita natin ngayon. At ito’y naging posible lang noong ang Diyos ay ipadala yaong Pitong Tatak at pagkalooban tayo ng tanda sa pamamagitan Nito, at ipadala ang pitong Anghel pababa mula dun sa Langit; at pumarito upang ipanumbalik ang Salita na nagkalat dun sa mga denominasyon, at ipanumbalik ’yun nang sama-sama na sa Salita ng Diyos muli, upang pababain ang Kanyang Espiritu Santo.

⁹⁸ Sinabi ni Jesus, “Kung kayo’y magsipanatili sa Akin at ang Salita Ko’y magsipanatili sa inyo, kung gayon hingin ninyo ang anumang inyong ibigin, at gagawin sa inyo.” Paglalakip nga ng Nobya pabalik sa Salita, na samakatwid ay Diyos. Ang Iglesia nga at ang Salita, hindi ang Iglesia at ang kredo, Iglesia at ang Salita; ang Nobya at ang Salita na pinaglalakip na maging isa. Oh, ang ganda! Grabeng. . . Ipanunumbalik daw ang ano? Ang Pananampalataya ng orihinal na mga pentecostal na ama, kita n’yo, na pinagkalat-kalat ng grupo ni Luther. Hindi ni Luther mismo; hindi nga ni Luther, hindi ni Wesley, hindi nung mga dakilang tagapagtatag na ’yun. Kundi nung sila’y yumao na, may iglesia na umusbong dun, at kanilang . . . ang kanila ngang ginawa’y, ginawa nilang organisasyon ’yun. Nagsitanggap sila ng mga kredo at kung anu-ano pa, at sila’y napalayo talaga. At tingnan n’yo sila ngayon, sila’y nagsipasok sa Pandaigdigang Konseho ng Mga Iglesia na ’yun.

⁹⁹ Ngayon, tingnan n’yo nga, haya’t sa huling mga araw, kita n’yo, nakikita natin ang mga bagay-bagay na ito na nagaganap na ngayon na hindi pa nagaganap kailanman noon. Kita n’yo, isa ’yang tanda ng Diyos, at lahat nitong paglalakip-lakip ay tanda ng panahon. Ngayon, nais nga nating tingnan ’yan maigi at gusto nating makasigurado na nakuha natin ito. Nilisan. . . nilisan nila ang tunay na Salita kapalit ng mga denominasyon; para tumanggap ng kredo at mga haka-haka ng iba’t ibang tao imbis na kunin na lamang dapat ang Salita.

¹⁰⁰ Apocalipsis 10 sabi dun, “Mensahe ng ikapitong anghel.” Ngayon tandaan n’yo, tumutugaygay ’yan sa Pitong Trumpeta, at may pitong anghel na umiihip ng Pitong Trumpeta. Diyan tayo dadako sa susunod. Pero tandaan n’yo diyan, partikular na partikular na sinabi Nito, “Yung ano ng anghel. . .” hindi ’yung Trumpeta ng ikapitong anghel, bagkus ’yung “Mensahe ng ikapitong anghel.” Kita n’yo, di ’yung anghel ng Trumpeta, ’yung anghel ng Mensahe! Kita n’yo, ’yung anghel ay kanyang pinatunog lamang ang trumpeta, itong ikapitong anghel na ito, ang anghel ng Trumpeta. Pero ang binabanggit nga rito’y, “Sa mga araw ng Mensahe ng ikapitong anghel,” kita n’yo, sa panahon na ang Mensahe niya’y ganap na. Kita n’yo, ’yan nga ang Mensahe ng kapanahunan ng iglesia. Sa panahon na ito, hayon nga’t kanyang. . . ang Mensahe, hindi ang Trumpeta, at “ang hiwaga ng Diyos (na nasusulat sa Salita) ay ganap na.”

¹⁰¹ Ngayon masdan n'yo nga ang panahon na kinabubuhayan natin! Masdan n'yo ang mga Tatak na 'yun, kung papaanong pinaglakup-lakup nun yaong nakalat na Salita ng Diyos, nina Luther at lahat sila roon, na mga magigiting na repormador na nagsiusbong noon; ipinanumbalik ang mga 'yun at ipinakita kung nasaan nga ba 'yun sa Biblia, kung saan nga ba 'yun tamang nakaposisyon; bawat lalaki sa kani-kanilang tamang posisyon, kung ano nga bang gaganapin niya at kung anong mangyayari dun sa iglesya; kung anong gaganapin niya at kung anong mangyayari sa iglesya; lahat ng mga bagay na ito na iniwan niya. At pagkatapos, sa huling araw, sa panahong wala tayong kaalam-alam tungkol dito, paunang sinabi na sa atin ang tungkol sa isang bagay na mangyayari; at kahit ang mga pahayagan at ang iba pa'y nasagap nila ito, at inilatag talaga't inihayag ito't pinaglakup-lakup ang mga hiwagang ito. Amen! Kapatid, gandang-ganda talaga ako rito! Yan, para sa akin, ay talagang inililinya ang Salita. Amen! Di ko alintana anumang-anuman, o, alintana ko naman kung anong sabihin ng mga tao, isipin nila, siyanga, pero para sa akin ito ang Katotohanan.

¹⁰² Gaya nung mga lalaking pantas, na paparating noon galing Babilonia, "Saan Siya naroon, ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? Narito Siya sa lupa, ngayon. Kailangan naming hanapin Siya." Siyanga. At naniniwala akong napakalapit na talaga ng pagdating Niya na masasabi ko talaga, "Narito, ang Nobyong dumarating! Aking naririnig sigaw ng hating-gabi!" Amen! Nandito na talaga tayo sa panahong patapos na talaga. Oh, grabe, sa oras na kinabubuhayan natin. Pansinin n'yo. Kita n'yo?

¹⁰³ Grabeng panahon talaga! Grabeng panahon ito na kinabubuhayan natin, nariyang ang dakilang hiwaga ng Diyos ay ganap na; inilatag na ang Pagka-Diyos, ipinakita na kung ano talaga Ito; kung paanong ang mga maliliit na ismong ito'y, haya't nagsilitawan at ginawa Siyang *ganito*, at may iba naman ginawa Siyang *ganito*, at may iba ring ginawa Siyang *ganoon*. Subalit bumaba nga ang Anghel ng Panginoon at inilantad ang lahat ng mga ismo nila, at hinatak palabas ang Katotohanan doon, at inilatag Ito. At heto na Ito, sadyang ganap na ganap Ito, wala ka ng ibang mapupuntahan pa. Heto na nga Ito, heto na nga Siya. Kita n'yo, itong binhi ng serpiyente, lahat-lahat ng mga iba't ibang bagay na ito na napaka hiwaga sa mga tao. Kita n'yo? Ano nga ito? Kanyang... Ito na nga ang tanda ng ano? Paglakip!

¹⁰⁴ Anong sinabi Niya roon sa Malakias 4? Ipanunumbalik! Ibabalik yaong orihinal na Pananampalatayang pentecostal, pabalik sa mga tao na taglay ang siya ring pentecostal na Mensahe, siya ring pentecostal na tanda, siya ring pentecostal na katibayan, siya ring Diyos, siya ring Kapangyarihan, siya ring turo, lahat ay saktong 'yun, taglay ang pagpapatunay ng siya ring Haliging Apoy na 'yun na nagpasubasob kay Saulo sa

daan noon, daan sa Damasco na nariya't nasa kalagitnaan na natin ngayon, ginagawa ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noong araw na 'yun. Paglalakip!

¹⁰⁵ Nakikita na natin ang mga bansa na nagkakalakip-lakip, nakikita na natin ang mundong nagkakalakip-lakip, nakikita na natin ang mga iglesya na nagkakalakip-lakip. Nakikita na natin ang Nobya na lumalakip, lumalakip sa Salita. Bakit? Ang Salita ay Diyos. At hayan ngang ang Salita. . . Hayan nga ang Nobyo (bilang yaong Salita), at ang Nobya (bilang yaong tagapakinig ng Salita), sila'y nagsama para sa isang Paglalakip. Sila'y naglalakip kagaya ng sa ikakasal. Kita n'yo, naghahanda na sila para sa pagkakasal, at sila'y—sila'y magiging isa. Ang Salita'y magiging ikaw, ika'y magiging ang Salita. Sinabi ni Jesus, "Sa araw na yao'y makikilala ninyo. Ang kalahatan ng Ama, ay Ako; at ang kalahatan Ko, ay kayo; at ang kalahatan ninyo, ay Ako. Sa araw na yao'y makikilala ninyo na Ako'y nasa Ama, ang Ama'y sumasa Akin, at Ako'y sumasa inyo, at kayo'y sumasa Akin." Kita n'yo? Sa "araw na yaon." Anong araw? Aba'y ang araw na ito! Haya't nasumpungan na natin ang dakila't natatagong hiwaga ng Diyos na hayag na talaga. Oh, gustung-gusto ko talaga ito!

¹⁰⁶ Oh, masdan n'yo nga ang siyensiya at ang Salita kung paanong di sila nagkakahambing noon, di tulad ngayon. Di nga nila 'yun magawa noon. Sa ngayon lang nila ito nagagawa.

¹⁰⁷ Pansinin n'yo, sabi Niya, "mga tanda sa langit, mga tanda sa langit." Ang siyensiya, at mga tanda sa bansa; ngayon may mga naglalakihang tanda na sila sa langit ngayon, may mga astronaut na sila't lahat na. Pero anong ginagawa ng mga astronaut na ito sa daigdig ng siyensiya? Nagdadala ng takot. Di nga nila mawari kung anong panahon sila magpapadala ng mga gaya nun sa itaas at basta na lang maghuhulog ng mga bomba ang mga 'yun, at ubos tayong lahat. Kita n'yo? Ngayon 'yan nga ang mga tandang mayroon sila, katakot-takot na mga tanawin sa langit. Kita n'yo? Mayroon na nga sila nito, mga missile atomika't lahat na, lahat ng sari-saring tanda.

¹⁰⁸ Kita n'yo may pinirmahan silang isang—isang kasunduan, nung isang araw, na sabi dun di na raw sila magpapasabog pa ng mga bomba sa dako sa labas, pero ngayon pumupunta nga sila sa ilalim ng tubig at sa ilalim ng lupa, sinusubok ang mga bomba't ganun din naman 'yun. Kita n'yo? Pumirma pa ng kasunduan, "Di namin gagawin ito, kung di rin n'yo gagawin ito (pero pagbalik namin sa bansa namin aba'y gagawin pa rin namin; hayan nga't alam naming ganun din ang gagawin n'yo sa mga bansa n'yo riyang)." Kita n'yo? Talagang wala ni kahit, talagang. . . talagang walang tiwala sa pagitan nila, walang—walang ganun talaga. Inyo ngang. . . Kita n'yo? At ang bawat isa'y natatakot sa isa't isa. Isa nga 'yang nakakatakot na tanda.

¹⁰⁹ Ang siyensiya at sangkatauhan at mga bansa nagpalabas nga sila ng mga katakot-takot na tanda sa kalangitan. Ganoon nga mismo. Ngayon, takot na takot sila sa isa't isa. At nariyan nga ang isang tanda sa langit na ibinigay. . . Kita n'yo ngayon, may tanda rin sila sa langit, katakot-takot na tanda, lalaking nakapang-astronaut; marahil may dala roong missile atomika, at maaari niyang ihulog 'yun at wawasakin ang buong bansa. Magpapadala nga sila dun sa itaas ng astronaut, at aantabay dun. Wala ngang kahit anong makapipigil sa kanilang gawin 'yun. Magagawa nga nila, sila. . . kahit kailan nila gustuhin. Magagawa nga nilang pulbusin ang bansa hanggang maging abo na lang kung gugustuhin nila, haya't. . . kahit sa loob lang ng labinlinmang minuto mula ngayon. At kung kayang-kaya 'yang gawin ng isang ito, aba'y kaya rin 'yang gawin ng isang ito, siyanga. Kaya, haya't makikita n'yo na mayroon sila nitong tanda, subalit 'yung ganung klaseng tanda'y binabalot sila ng takot.

¹¹⁰ Sila'y naglalakip nang nagkakaisa, pinagsasanib ang kani-kanilang kapangyarihan. Ang mga bansang di komunista sa mundo, sila'y nagsasanib-sanib na ng kapangyarihan. Ang mga komunista nama'y nakikipagsanib na ng kapangyarihan sa Rusya. Lahat sila; pero ang bawat isa'y takot sa isa't isa. Kita n'yo, isa nga 'yung katakot-takot na tanda. Siyanga. Itong mga tanda sa mga bansa, at bagay-bagay.

¹¹¹ Subalit ang Iglesya'y tinanggap ang Makalangit na Tanda: isang Astronaut! Amen! Si Jesus Cristo, sa anyo ng Haliging Apoy; kung paanong Siya 'yun noon sa Lumang Tipan, kung paanong Siya 'yun noon nung katagpuin Niya si Saulo sa daan patungong Damasco, ay ang siya ring Jesus dito sa panahon ngayon! At anong ginagawa Nito? Nagdadala ba Ito ng takot? Nagdadala Ito ng pag-ibig, paglalakip-lakip sa isa't isa. Amen! Pagmamahal sa isa't isa. Dinadala Nito ang Pag-ibig ng Diyos, oh, pinaglalakip-lakip tayo at dinadala tayo, ang Katawan ni Cristo, sa isang paglalakip-lakip bilang itong Nobya. Yan nga ang ginagawa nito ngayon, itong dakilang paglalakip-lakip na ang Diyos. . .

¹¹² Sila nga'y naglalakip-lakip na sa kani-kanilang sarili, may grupo *rito* na makikipagbaka laban sa isang ito, isang grupo naman sa banda *rito* ang makikipagbaka laban sa isa pa. Heto't kapag ang iglesya'y tumatayo sa pagitan nila; masdan n'yo nga ang mangyayari, paglalakipin nga sila nito. Yan nga mismo ang mangyayari. Pero, ngayon, nakikita nga natin na nagdudulot lang ang mga bagay nila dun ng takot at pagkakalito.

¹¹³ Subalit ang Iglesya, ang Nobya, napaglakip ng isang Diyos, sa ilalim ng isang Espiritu, Espiritu ng Diyos, sa isang banal na Paglalakip ng Diyos, para maging 'yung isang banal na Nobya sa Diyos. Ganoon nga, pinaglakip-lakip lahat; paglalakip ng Katawan. Ang Katawan naghihintay bilang ang Nobya; haya't—

haya't siya namang ang Nobya talaga, dahil tinatawag natin ang ating mga sarili na Nobya. Dahil sa panahon ng paglalakip ng Nobya, ang Iglesia'y magbubuklod talaga. Magdudulot 'yun ng wala ng iba't pag-ibig lamang sa kalagitnaan natin, na tayo nga'y halos di na magnanais na magkawalay pa sa isa't isa. Ganoon nga. Tayo nga'y . . . di n'yo na kailangang magmakaawa pa sa mga tao na dapat manalangin sila, di n'yo na kailangan pang magmakaawa pa sa kanila na dapat sumamba sila sa Diyos, di n'yo na kailangan pang magmakaawa sa kanila na dapat gawin nila ang tama. Sila nga'y iibig nang lubos-lubos sa Kanya, na wala na talagang iba pa para sa kanila.

114 Ano ang naiisip n'yo kapag may isang munting dalaga, isang tunay na maganda't munting dalaga, na ikakasal na sa isang guwapong binata na talaga namang di magkandamayaw ang pag-ibig niya sa lalaking ito, na napakahalaga sa kanya na higit pa nga sa kanyang sariling buhay, at siguradong-sigurado talaga siya na ikakasal sila? Habang papalapit nang papalapit ang araw ng pagkakasal na 'yun, ang munting dalaga na 'yun, sinasabi ko sa inyo, di siya matigil sa "kalalakad." Kita n'yo? Kanya ngang sinisiguradong handa ang lahat; isinuko na niya nang buong-buo ang sarili niya sa kanya. Ganoon nga. Lahat ng bagay na ikalulugod nung lalaki, 'yun ang ninanais niya talagang gawin. Buweno, ganoon dapat ang gawin ng Iglesia ngayon, nang sa gayon ang ating buhay ay matago sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, tinatakan na dun ng Espiritu Santo.

115 Ang mga bagay na ito na itinuturo ko sa inyo rito, itong pagsasalaysay ko sa inyo ng mga tanda't mga iba't ibang bagay na nagaganap, wala akong masyadong oras para sabihin itong lahat sa inyo ngayon; marahil ay sa susunod na mensahe na lang, kung loobin ng Panginoon. Pero haya't may isang maliit na bagay pa na kulang sa Iglesia. At gusto natin 'yan, gusto nating makadako riyon, at narito na ako sa pinaka gilid nito ngayon. Kita n'yo? Ninanais nga nating makadako roon, dahil kung . . . haya't kailangan mo talagang gawin 'yun. Dahil kung hindi mo gagawin 'yun, hanggang dun ka lang, kaya kailangan mong gawin 'yun. Dahil tingnan n'yo nga, ang panahon ng paglalakip ay napipinto na, dahil ang Diyos ay tinitipon na ang Iglesia't pinaglalakip-lakip upang makasama sa—sa Pag-agaw na pupunta dun sa pagkakasal para sa Dakilang Paglalakip: na ang Diyos at tao ay maglalakip nang magpa Walang Hanggan, na ang mga nilalang na sakop ng panahon ay makikipaglakip sa Siyang Walang Hanggan.

116 Dati na itong napangyari sa anyo ng Anak ng tao sa lupa noon. At kinailangan nga Niyang ibigay ang Buhay Niya upang magpalabas ng kapangyarihan, na maglalakip ng iba't ibang tao sa pamamagitan ng siya ring Kapangyarihan noon, para sa Nobya ni Jesus Cristo. At ngayon nga'y inilalakip na ng Iglesia ang Sarili Nito dun sa Katawan ni Cristo. Nagawa na Nitong

lumaya, makalagan sa bawat maliliit na kadena, maihanda ang Sarili; nagkakabuklod-buklod na sa isa't isa, may pagpipisan na sa gitna nila; oh, grabeng pag-ibig at kagalakan, at nariyan ang Espiritu Santong kumikilos sa kalagitnaan nila. Oh, grabe, grabeng panahon talaga!

¹¹⁷ Katulad na lang nitong makikita natin ang mga pato na naghahanda sila, makikita ang mga gansa na naghahanda sila, makikita ang mga hayop . . . bubuyog na naghahanda, makikita ang mga ulap na naghahanda na sa ulan, makikita ang lahat ng iba pa; kung papaanong pinaglalakip-lakip nito ang sarili na sama-sama, para sa isang matinding pagtulak. Nakikita natin ang Liga ng Mga Bansa, ng iba't ibang bansa na sama-sama na, naglalakip-lakip sa komunismo. Nakikita rin natin sila rito sa Kanluraning Daigdig na naglalakip-lakip na. Nakikita natin ang iglesya na inilalakip na nito ang sarili na magsama-sama, lahat sila ritong iba pa. Kaya napaka imposible naman, wala na talagang ibang panahon na magaganap na katulad nito; di nga ito nangyari dalawampung taon na ang nakararaan, di ito nangyari. Di rin ito nangyari sampung taon na ang nakararaan, kaya talagang ito na ngayon ang panahon. Kita n'yo, dahil ang mga ismo't iba-iba pang bagay ay di naman nangyaring ganyan noon.

¹¹⁸ Ngayon gumising na kayo! Yugyugin n'yo ang sarili n'yo, ngayon mismo, at pagmasdan n'yong maigi itong kinalalagyan natin! Nasaan na tayo? Gaya nung mga lalaking pantas, narito na tayo mismo sa pagkakalinya sa Kanyang Salita, at ang Ilaw ng Panginoon ay nagliliwanag na sa daanan natin. Luwalhati sa Diyos sa Kataas-taasan. At luwalhatiin ang Diyos na Siyang nagbigay sa atin ng Jesus Cristo, Na ating iniibig, at nagdala sa atin sa dakong ito rito. At habang tayo'y . . . Tayo ang Kanyang bayan, binili sa halaga ng Kanyang Dugo.

¹¹⁹ Oh, napaka ganda! Kapag dumating na ang panahon ng paglalakip na 'yan, nakamatyag tayo, habang tayo'y lumalakip sa isa't isa sa pagpipisan ng Kanyang Espiritu, tayo'y . . . Haya't ang Espiritu nga ba Niya 'yan? Siyanga, Ang Espiritu nga Niya. Bakit Ganoon? Ito'y Kanyang Salita kasi, at Siya ang . . . 'yun nga ang Espiritu ng Salita. At kapag ang Espiritu ng Pangako'y dumating na sa iyo at nagpatibay at ipinakita ang Sarili Nito roon, 'yun nga ba ang siya ring parehong Espiritu? Siya nga rin Yaong nakay Moises sa ilang! Siya nga rin Yaong nakay Jesus Cristo! Siya nga rin Yaong nagpakita kay Saulo sa daan niya patungong Damasco! Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! At ginagawa Niya ang siya ring parehong bagay!

¹²⁰ At nakikita na natin ang mga bansa na nagsasama-sama na, nakikita na natin ang mga ulo sa iglesya na nagsasama-sama na, nakikita na natin ang komunismo na nagsasama-sama na, nakikita na natin ang mga ismo na naglalakip-lakip,

nakikita na natin ang lahat ng mga bagay na ito; at ngayon nakikita na natin ang Nobya na lumalakip na sa Salita. Oh, grabe! Napapanahon na talaga kung kailan ang mga banal ay babangon na't makikipaglakip sa kanila na mga nabubuhay, upang tumungo na't lumakip kay Jesus Cristo nang magpasa Walang Hanggan.

¹²¹ Nawa'y tulungan tayo ng Diyos, bawat isa sa atin, na lumakip na kay Cristo sa gabing ito, na atin nang maisuko ang buong-buo natin, lahat ng nasa atin, ang buo nating kaluluwa, katawan, at isip, kay Jesus Cristo, at tumingin na sa panahon na ito ng paglalakip.

Sa panahong tutunog ang trumpeta ng Diyos,
at ang panaho'y mauubos,
At ang umaga'y babaybay sa Walang Hanggan,
maliwanag at puno ng kasiglahan;
Sa panahong ang mga nangamatay kay Cristo
babangon at magtitipon sa kabilang ibayo sa
isang dako (kasama ng mga Nobya na buhay
naman), upang agawin sila nang sama-sama.

¹²² Masdan n'yo ang paglalakip na 'yan! Ang Diyos inilalakip ang Iglesia sa Kanyang Salita, ang Salita sa Iglesia, nang sa gayon silang dalawa'y maging parehas na, "Bigkasin *ito*, ito'y mangyayari. Gawin *ito*, at ito'y mangyayari. Heto na nga ito; heto Ako na nasa harapan ninyo, heto Ako na pinatutunayan ito; heto nga Ako na kasa-kasama kayo." Ganoon nga.

¹²³ Nalaman nga natin na sa panahon ngayon na tutunog na ang Trumpeta, at ang mga nangatatutulong na banal na naroon sa isang dako, sila nga'y di pagiging sakdal nang bukod sa atin; sumasalalay sila sa atin (Mga Hebreo 11); at kapag babangon na sila nang sabay-sabay, sila nga'y pipisan kasama ng mga nabubuhay. Ang Iglesia lumalakip sa Salita, pagkatapos ang Iglesia at ang Salita'y lumalakip sa isa't isa, nagiging isa. Ang mga nangamatay na banal kasama ng mga nangabubuhay na banal ay maglalakip na magsasama upang maging isa; at ang lahat ay tutungo na roon nang sama-sama upang lumakip kay Cristo sa dako roon, para sa Paghapon sa Kasalan ng Cordero.

¹²⁴ Panahon na ng paglalakip, at ang mga tanda'y lantad na kung saan-saan. Ang mga tandang ito'y nasa mga bansa na, ang mga tanda'y nasa komunismo na, ang mga tanda'y nasa Kanluraning Daigdig na, ang mga tanda'y nasa Konseho na ng Mga Iglesia. At ang Tanda ay narito na sa gabing ito sa ilalim ng palatandaan ng Espiritu Santo, at ng Salita ng Diyos na pinatutunayan ito at Pinatotohanan ito. Amen! Panahon ng paglalakip! Tanda ng Panahon ng Paglalakip!

Iyuko po natin ang ating mga ulo.

¹²⁵ Panginoong Jesus, habang ang aking abang puso'y palukso-lukso sa tuwa, habang nakikita ko ang mga pagkakataon, (ako

nga'y lalaking nasa edad-media na), subalit sa kabila nun ang pagkakataon talaga na makita Kang darating sa henerasyong ito; na ako'y buhay at nakatayo rito ngayon, at nakikita ang panahon ng pagtunog ng Trumpeta, "Ang marumi, ay magpaka rumi pa. Ang matuwid, ay magpaka tuwid pa. Ang banal, ay magpaka banal pa." Oh Panginoong Diyos!

¹²⁶ At ang isipin na nakatayo na kami mismo, sa sandaling ito, sa isang kisap-mata, kung kailan ang mundo'y walang kaalam-alam sa nagaganap, pero sa isang iglap, makikita n'yong lilitaw sa harapan n'yo, ang inyong mga mahal sa buhay na nauna na, sila nga'y dumating upang makipisan sa inyo muli. At kami'y mangababago sa isang sandali, sa isang kisap-mata; at aagawin paitaas, nang sama-sama, upang salubungin ang Panginoon sa alapaap. At pagkatapos lalaki sa Kanya, upang lumagi roon magpakailanman, at di na kailan pa mawawalay sa Kanyang Presensya.

¹²⁷ Grabeng napakadakilang bagay ito ngayon, Panginoon, ang malaman na ngayon kami'y nagkakalakip na sa isang Espiritu. Isang Espiritu, ang Espiritu Santo, taglay-taglay ang Salita sa Kanyang pagkakahawak, na dumating sa amin. At grabe ngang dakilang bagay ito, grabeng pribilehiyo ang makalagan mula sa kalubusan ng sanlibutan, upang ilakip ang aming sarili kay Jesus Cristo. At ang isipin na isang araw, sa isang pisikal na anyo, sa isang katawan na katulad ng Kanyang maluwalhating katawan, kami nga'y uupo sa dulang sa Paghapon sa Kasalan at doo'y lalaki at ikakasal sa Pagkakasal sa Kanya; sadyang mamumuhay bilang Nobya at Nobyo sa lahat pa ng panahon na darating, sa lahat ng walang patid na Walang Hanggan.

¹²⁸ Panginoong Diyos, nawa'y di ito maging isang imbentong kaisipan lang sa mga tao, bagkus ito'y maging realidad talaga sa kanila na sila'y magkaroon ng pagkagutom at pagkauhaw na sila'y . . . sa pagbabasa ng kanilang mga pahayagan, makikita nila dun. . . sa pakikinig nila sa radyo at sa mga balita, haya't makita nila na panahon na talaga ng paglalaki. Ang mga tanda'y kumikislap na.

¹²⁹ Panginoong Diyos, katulad na lang ng ipinangungusap namin tungkol sa mga kababaihan, kung anong ikikilos nila sa huling mga araw; kung anong ikikilos ng iglesya sa huling mga araw; at kung anong kalagayan ng Mga Kapanahunan ng Iglesya, at kung ano nga ba ang Mga Tatak, at lahat itong iba't ibang mga bagay. At nakikita namin na kung paanong dati, sa mga araw ni Noe. Nakikita namin na katulad dati, sa mga araw ng Sodoma at ni Lot, noong ang Anghel ng Diyos ay ipinahayag ang Kanyang Sarili sa katawang-tao, na kumain ng laman ng baka at uminom ng gatas mula sa baka, at kumain ng tinapay; at nakatayo sa dakong 'yun at may kakayahang sabihin kung anong nangyayari sa likuran Niya. At sinabi ni Jesus na ang siya ring bagay na 'yun ay magaganap sa pagparito ng Anak ng tao.

¹³⁰ Panginoong Diyos, nakita namin yaong piramide, kung paanong tumugaygay kami paakyat roon, at nakita namin kung paanong idinaragdag namin ang mga bagay na ito roon; at nasumpungan naming kami'y nasa huling-kapanahunan na, hinihintay na ang Pangulong Bato sa Panulok. Luwalhatiin ang Diyos! Dumadalangin kami, Ama, na Iyong gisingin ang mga tao, nang madali ngayon, at tipunin kami nang sama-sama, na may maka-Diyos na pag-ibig at paggalang kay Jesus Cristo at sa isa't isa.

¹³¹ Kung mayroon po rito ngayong gabi na ang pag-asang 'yun ay di pa nakalagak sa inyo, inyo po bang maitataas ang inyong kamay sa Diyos at sabihin pong, "Panginoong Diyos, ilakip Mo po ako sa Iyo, ilakip Mo po ako sa Iyo"? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, ikaw; oo. "Ilakip Mo po ako sa Iyo, Panginoon." Oo! Oh, grabe!

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising,

¹³² Tingnan n'yo nga ang Israel doon, nagkalakip-lakip na sila. Ang Israel, mula sa lahat ng iba't ibang panig ng mundo, sila'y nagsipunta roon at pinaglakip-lakip ang kani-kanilang sarili; para paglakip-lakipin ang mga sarili at ngayon sila nga'y isang bansa na. Sila'y pinaglakip-lakip na bansa na: may sariling watawat, sariling pera, sariling hukbo, lahat na; kung ano sila noon, ay siya namang sila na uli ngayon. Hayan ang Israel na magkalakip na, hayan ang Roma na magkalakip na, hayan ang iglesya na magkalakip na. At ang Nobya'y nagkakalakip na, amen; at parating na ang Dakilang Paglalakip. Ano 'yun? Ang lahat ay tumutugaygay na sa Tanda na 'yun, ang pangunahing malaking Tanda, si Jesus at ang Kanyang Nobya'y naglakip na't naging isa na.

¹³³ Ama, Diyos, maipagkaloob nawa ang mga pagpapalang ito na idinudulog ko para sa mga taong narito, at nawa po kami'y mailakip na sa Iyo sa puso at espiritu, habang itinataas nila ang kanilang mga kamay, na inaasam 'yun. Panginoong Diyos, Iyo pong linisin kami't gawin kaming Iyo; Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Siya nga namang ito lang ang aming nalalaman at aming tanging magagawa, ang humingi. At Iyo ngang sinabi na kung kami'y magsisihingi at sasampalatayanan ito, amin nga itong matatanggap; akin pong inaasahan ito, Panginoon. Pinasasalamatana Kita sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

I love Him, I love Him,
Because He first loved me,
And purchased my salvation
On Calvary's tree. (Amen. Oh, ang ganda!)

Narito, ang Nobyong dumarating!
Aking naririnig sigaw ng hating-gabi!

Sa isang sigaw tayo'y papailanlang, kung tayo
lamang lahat manghahawakan,
At Siya'y atin sa alapaap katatagpuin.

Magmasid at manalangin, aking kapatid,
Baka ang iyong putong sa iba pa mawaglit,
Pagkat ang malahininga't nagsipagtalikod
Pangkasal na kasuotan hindi magsusuot.

¹³⁴ Tama nga. Magsipaghanda na tayo sa sigaw ng hating-gabi. Darating nga ito sa oras na hindi mo akalain na 'yun na pala. Magkakaroon ng sigaw, hindi sa kalagitnaan ng sanlibutang di naman sumasampalataya; sa kanila'y lihim ito. Subalit sa mga mananampalataya, na inaabangan ito, nakikita n'yo ba 'yung mga bituwing nagsisilinya na talaga? Kita n'yo? Anong naging bunga nun? Sadyang gaya mismo ng kung anong ibinunga nun noong unang pagkakataon. Kita n'yo, narito na tayo, lumalabas na ang mga tanda.

We see the signs appearing of His blessed
Coming,
Lo, behold the fig leaves now becoming green;
The gospel of the Kingdom has gone to every
nation;
And we're near, the end can be seen.

Then gladly, away, we'll herald the Message of
His blessed appearing,

¹³⁵ Tama nga ba 'yun? Oh, ibabalita ang Mensahe ng Kanyang pinagpalang pagpapakita! Iyon nga ang dapat nating gawin. Sabihin sa lahat, "Magsihanda na kayo, humanda na kayong katagpuin ang Diyos." Amen! Mahal na mahal ko Siya. Oh, sadyang mahal na mahal ko talaga Siya. Ngayon, magsitayo na po tayo ngayon. Habang nagpapaalam tayo sa isa't isa, iabot n'yo lang po ang inyong kamay sa paligid at makipagkamay sa kanino man diyan, at sabihin:

Until we meet! (makipagkamay, po) . . . till we
meet!
Till we meet at Jesus' feet;
Till we . . .

Alalahanin po, maaari na kayong tawagin dun. Ang ating susunod na pagkikita-kita'y sa Kanyang paanan na marahil.

O God be with you till we meet again!

¹³⁶ Ngayon, isipin n'yo 'yun, bago tayo magkita-kita uli; bago tayo magkita-kita sa Linggo ng umaga, o Miyerkules ng gabi, maaari ngang . . . malalaman mo na lang, may isang nawawala na rito sa atin. Nawawala ang isa't, naglaho na. Oh, ang isipin na nawawala na ang asawa mong lalaki, o ang asawa mong babae'y nawawala na, at—at ang asawa ni John ay nawawala na, at—at—

at dito sa banda rito'y nawawala na ang mga bata. Kapag ganun na ang nangyari (anong nangyari?), ikaw nga'y naiwan na!

Oh, grabeng taghoy at hagulgol kapalaran ng mga sawi'y maipataw,

Nagsidaing sa batuha't kabundukan, (Gaya ng Israel, noong pumasok sila pabalik sa bayan, sa Templo)

Nagsidalangin sila ngunit panalangi'y huli na. (Tinanggihan kasi nila ang Mensahe.)

¹³⁷ Oh, kapatid, huwag na huwag mong gagawin 'yun. Sa lahat ng bagay na gagawin mo, manindigan ka nga nang may buong pagpipitagan para sa katuwiran na ito! Siyanga, po!

¹³⁸ Ngayon, sa muli nating pagkikita, atin ngang gawin ito:

Take the Name of Jesus with you,

As a shield from every care;

When temptations round you gather, (Ano ngang gagawin mo?)

Breathe that holy Name in prayer.

Precious Name, O how sweet!

Hope on earth and joy of Heaven;

Precious Name, O how sweet!

Hope of earth and joy of Heaven.

¹³⁹ Iyuko na po natin ang ating mga ulo, habang humihiging tayo.

At the Name of Jesus bowing,

Falling prostate at his feet,

King of kings in Heaven . . . crown Him,

When our journey is complete. (Mangyayari nga 'yan, isa sa mga araw na ito.)

O precious Name, precious Name, O how sweet!

Sa muli nating pagkikita, ang Diyos nawa'y sumainyo.

Hope of earth and joy of Heaven;

Precious Name, O how sweet! How sweet!

Hope of earth and joy of Heaven.



ANG PANAHOON NG PAGLALAKIP AT TANDA TAG63-0818
(The Uniting Time And Sign)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Agosto 18, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org